STATE OF THE PROVINCE ADDRESS
GOVERNOR GRACE PADACA
PROVINCE OF ISABELA
JANUARY 31, 2007

MARAMING SALAMAT SA PAGTUGON NYO SA AKING PAANYAYA PARA MAIBAHAGI KO SA INYO ANG AKING ULAT TUNGKOL SA KALAGAYAN NG ATING LALAWIGAN. KAYO AY ITINUTURING KO NA MGA TAONG MALAKI ANG IMPLUENSYA SA ATING LIPUNAN DAHIL SA INYONG MGA SARILING NASASAKUPAN. SANA SA PAMAMAGITAN NG INYONG PAKIKINIG SA AKING MGA IUULAT SA ARAW NA ITO AY MAGKAROON KAYO NG MAS MALAWAK NA KAALAMAN SA MGA NANGYAYARI SA ATING LALAWIGAN SA PANANAW NG INYONG LINGKOD NA NALUKLOK SA POSISYONG ITO UPANG PAMUNUAN ANG ATING MGA KABABAYANG APO ISABELINO.

APO ISABELINO….

ARAW-ARAW SA NAKALIPAS NA MGA TAON NG AKING PANUNUNGKULAN, IYAN ANG AKING NAGING BUKAMBIBIG - ANG MGA KATAGANG *APO ISABELINO*. ITO AY BAHAGI NG AKING PAGTUPAD SA ITINAKDA KONG TUNGKULIN SA AKING SARILI NA ANG LAGING MAUUNA SA AKIN AY ANG KAPAKANAN NG BAWAT MAMAMAYANG ISABELINO.

PAGKATAPOS NG DALAWA AT KALAHATING TAON PAANO KO NAISAKATUPARAN ANG HANGARIN KONG ITO? KUNG MATATANDAAN NINYO, NOONG OCTOBER 8, 2004, SA AKING IKA-100 ARAW 0 100TH DAY BILANG GOBERNADOR NG ISABELA AY SINADYA KONG ILAHAD MUNA SA INYO KALAGAYAN NG ATING LALAWIGAN NA NAABUTAN KO UPANG MULA DOON AY AKING SIMULAN ANG BAGAY NA ITINAKDA KONG GAWIN SA AKING PANUNUNGKULAN.

NGAYON, AY IUULAT KO NA SA INYO KUNG ANO ANG AKING MGA NAGAWA, KASAMA NG LAHAT NG MGA TAONG NAKAKATULUNGAN KO SA PAGLILINGKOD SA INYONG AMING MGA APO ISABELINO. SA GITNA NG MGA MAHIRAP NA KALAGAYAN O SULIRANIN NA AMING NAABUTAN, NGUNIT KASABAY RIN NG MARAMING MAGAGANDANG PAGKAKATAON NA IPINAGKALOOB SA ATIN.

SO MANY THINGS HAD TO BE DONE. I ADMIT THAT DURING MY FIRST DAYS AS GOVERNOR, I FOUND MYSELF TOO OVERWHELMED BY THE THINGS I HAD TO DO, THE

PEOPLE I HAD TO MEET AND DEAL WITH. NAPAKARAMING MGA MAHALAGANG BAGAY NA DAPAT GAWIN AT GUSTUHIN KO MAN AY HINDI KO KAYANG PAGSABAYIN LAHAT, KAYA'T KINAILANGAN KONG MAMILI. KUNG ANO ANG MGA PINAKAIMPORTANTENG DAPAT UNAHIN/ UPANG KAAGAD NA MARAMDAMAN NG MGA APO ISABELINO ANG PAGBABAGO SA PANUNUNGKULAN NG ATING PAMAHALAANG PANLALAWIGAN.

AGRICULTURE

INUNA KO SA LAHAT ANG LARANGAN NG AGRIKULTURA, ANG KAPAKANAN NG MGA MAGSASAKANG APO ISABELINO. UNANG ARAW KO PA LAMANG BILANG GOBERNADOR, SA AKING KAUNA-UNAHANG TALUMPATI O INAUGURAL ADDRESS, AY INIHAYAG KO NA SA LAHAT – THAT AGRICULTURE IS MY FLAGSHIP PROGRAM. ITO AY DAHIL KARAMIHAN O 60% SA ATING MGA MAMAMAYANG ISABELINO AY NASA LARANGAN NG PAGSASAKA, NGUNIT SA KASAWIANG PALAD, SA HALIP NA SILA AY UMUNLAD SA PAGDAAN NG MGA TAON AY LALO PA SILANG NABABAON SA UTANG, LALO NAMANG HUMIHIRAP ANG KANILANG BUHAY. PAANO NATIN MABABAGO ITO?

UNA, AY AKING INISIP NA KUNG MAYROON MANG MGA SULIRANIN SA LARANGAN NG AGRIKULTURA AY DITO RIN NATIN NAKIKITA ANG MGA SOLUSYON, ANG MGA PINAKAMAGANDA AT PINAKAMABUTING PAGKAKATAON PARA UMUNLAD ANG BUONG ISABELA. ITO AY DAHIL NA RIN SA NAPAKALAWAK NA LUPAIN NA BIYAYA NATIN MULA SA PANGINOON. BINIGYAN NIYA TAYO NG MARAMING PAGKAKATAON UPANG ITO AY PAGYAMANIN.

ANG ATING PROBLEMA AY ANG MGA NAPAKAMAHAL NA PRESYO NG ABONO AT PESTISIDYO AT IBA PANG KAILANGAN SA PAGTATANIM AT ANG NAPAKABABA NAMANG PRESYO KAPAG PANAHON NG PAGBEBENTA.

ISA SA MGA UNA KONG GINAWA BILANG GOBERNADOR NG ISABELA AY MAGPUNTA SA LABAS NG ATING LALAWIGANG ISABELA KATULAD SA LALAWIGAN NG BATANGAS UPANG HIKAYATIN ANG MGA MANGANGALAKAL AT TRADERS NA PUMUNTA DITO SA ISABELA AT BUMILI NG ATING MGA PRODUKTO. TINIYAK KO SA KANILA NA WALA AKONG PINOPROTEKSIYONANG ANUMANG NEGOSYO NA MAAARING MAPINSALA KAPAG SILA AY PUMASOK SA ISABELA.

IN ALL FAIRNESS TO OUR LOCAL BUSINESSMEN AND TRADERS HERE IN ISABELA, WALA NAMAN SA KANILA ANG LUMAPIT SA AKIN UPANG HILINGIN O TIYAKIN NA PAGBAWALAN ANG MGA TAGA IBANG LALAWIGAN. KUNG MAYROON MAN AY HINDI KO

RIN NAMAN ITO TUTUGUNAN, BAGKUS SA LAHAT NG MGA NAGDAAN NA PNP PROVINCIAL DIRECTOR DITO SA LALAWIGAN NG ISABELA, ANG ISA SA MGA LAGI KONG SINASABI SA KANILA, KAHIT PANSAMANTALA ANG KANILANG PANUNUNGKULAN SA ATING LALAWIGAN, AY IULAT SA AKIN KUNG MAYROON SILANG MARINIG NA MGA TAO MULA SA ATING LALAWIGAN NA HAHARANG SA MGA MANGANGALAKAL MULA SA LABAS NG ISABELA NA GUSTONG BUMILI NG ATING MGA PRODUKTO, MARAHIL SA MAS MATAAS NA PRESYO KAYSA SA MGA PRESYO DITO SA LOOB. MAGING SI NFA MANAGER CARLITO CO NG ISABELA AY LAGI KONG PINAALALAHANAN SA AKING PANUNTUNANG ITO – NA KUNG MAYROON MANG *FEEDBACK* NA MAYROONG HUMAHARANG SA MGA TAGA IBANG LALAWIGAN AY SABIHIN NIYA SA AKIN DAHIL KAPAG GANOON ANG NANGYARI, GAGAWA AKO NG PARAAN. HALIMBAWA AY MAGLALAGAY AKO NG MARAMING MGA PABATID KUNG SAAN AY NAKASULAT ANG NUMERO NG NA MAARING GAMITIN UPANG ISUMBONG O IPAALAM SA AKIN ITO NG ATING MGA MAGSASAKA.

SA ATING LALAWIGAN NGAYON AY PATULOY KONG IPINAGLALABAN ANG KALAYAAN NG BAWAT ISA – HINDI LAMANG NG MGA MAGSASAKA KUNG HINDI PATI NA RIN NG ATING MGA MANGAGALAKAL - MALAYA SA PANG-IIPIT, MALAYA SA PANGINGIKIL. MALAYA PO KAYONG GAWIN KUNG ANO ANG MABUTI SA INYONG PANGANGALAKAL BASTAT WALA KAYONG LALABAGING BATAS O KARAPATAN NG IBA. SANA LAMANG AY HUWAG NIYONG ALISIN SA AKIN ANG KARAPATAN AT PAGKAKATAONG MAKATULONG SA MGA HIGIT NA NANGANGAILANGAN.

MINSAN AY HINILING KO KAY NFA ISABELA MANAGER CARLITO CO NA BIGYAN NIYA AKO NG HISTORICAL DATA NG MGA PRESYO NG PALAY AT MAIS DITO SA ISABELA MAGMULA NOONG 2000 – NOONG HINDI PA AKO GOVERNOR AT NOONG GOVERNOR NA AKO AT ITO ANG KANIYANG IBINIGAY SA AKIN

AVERAGE PRICE PER KILO

YEAR	CORN	PALAY
2000	7.048	9.429
2001	7.31	9.16
2002	7.07	9.64
2003	7.18	9.53
2004 *(GRACE TAKES OVER AS GOV)*	8.67	9.90
2005	(Glut) 7.87	10.90
2006	9.27	11.00

TO QUOTE FROM REPORT OF MANAGER CO

CORN:

EX FARM PRICES FOR 2006 WAS HIGH DUE TO AGGRESSIVE PROCUREMENT OF TRADERS/NEIGHBORS FROM REGIONS 3 AND 4 - BULACAN, PAMPANGA, NUEVA ECIJA, BATANGAS

PALAY:

EX FARM PRICES FOR 2006 WAS HIGH DUE TO AGGRESSIVE PROCUREMENT OF TRADERS/NEIGHBORS FROM REGIONS REG 1 AND 3 – ILOCOS, LA UNION, PANGASINAN, BULACAN, PAMPANGA, NUEVA ECIJA,

NOONG ARAW NG LUNES, GINAWA MISMO DITO SA AMPHITHEATER ANG DEPARTMENT OF AGRICULTURE RICE AND CORN INFORMATION CARAVAN AT AYON KAY NFA REGIONAL DIRECTOR DANNY PASTRANA, HINDI KAILANMAN BUMABA SA P11 BAWAT KILO ANG PRESYO NG PALAY NOONG NAGDAANG ANIHAN.

LAGI KO RING HINIHIKAYAT ANG MGA MAGSASAKA NA KAPAG TUMAMA SILA SA SA MAGANDANG ANI AT MAGANDANG PRESYO, AY HUWAG NAMAN NILANG KALILIMUTANG BAYARAN KAHIT BAHAGI MAN LAMANG NG KANILANG MGA PAGKAKAUTANG DAHIL ITO AY OBLIGASYON NILA. ANG MGA TRADERS AY NAKAKATULONG SA KANILA, MAGING SA KANILANG MGA PANG-KUSINA. SILA ANG DUMADAMAY SA KANILA KAHIT WALA NA ANG MGA TAGA IBANG LALAWIGAN. SINABI KO NA NOON AT SASABIHIN KO MULI NGAYON, ITINUTURING KONG MAHALAGANG BAHAGI NG ATING LIPUNAN ANG ATING MGA MANGANGALAKAL. LAHAT TAYO AY MGA APO ISABELINO.

NFA SUPPORT PRICE

ISANG MALAKING PROGRAMA ANG SINIMULAN NAMING IPATUPAD SA PAKIKIPAGTULUNGAN NI CONG. EDWIN UY NG IKALAWANG DISTRITO NG ISABELA ITO AY ANG PAGDAGDAG SA PERANG PINAMBIBILI NG NFA SA PRODUKTO NG ATING MGA MAGSASAKANG APO ISABELINO. NOONG 2005, NAKIPAGKASUNDO KAMI SA NATIONAL FOOD AUTHORITY UPANG ANG SUPPORT PRICE NILA SA MAIS NA P7 AY DINAGDAGAN NAMIN NG PISO UPANG MAGING P8 BAWAT KILO. AT ANG SUPPORT PRICE NG NFA NA P10 SA BAWAT KILO NG PALAY AY AMING DINAGDAGAN NG PISO UPANG MAGING P11 BAWAT KILO. P2.5M ANG GALING SA AMING PONDO SA KAPITOLYO AT P2.5M DIN SA PONDO NI CONG. EDWIN UY O KABUUANG P5M PARA TUMAAS ANG PRESYO NG ANI NG MGA MAGSASAKA.

NOONG NAKARAANG TAON, 2006 DINOBLE KO ANG INILAANG PONDO PARA DITO UPANG MAGING P5M MULA SA KAPITOLYO AT P2.5M MULI MULA KAY CONG.. EDWIN UY. PARA ANG PRESYO NG NFA SA BAWAT KILO NG MAIS AY HINDI NA LAMANG PITONG PISO (P7) KUNG HINDI SIYAM NA PISO (P9) AT SA PALAY SA HALIP NA SAMPUNG PISO BAWAT KILO ANG NFA PRICE AY P11 BAWAT KILO.

SA PAPAMAGITAN NITO, NAGIGING BAHAGI ANG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG ISABELA SA PAGBILI NG PRODUKTO NG ATING MGA MAGSASAKA. AT ANG MAGANDA DITO, KAPAG MATAAS NA ANG PRESYO SA MERKADO SAKA RIN NAMIN IBINEBENTA AT ANG RESULTA, KUMIKITA PA KAMI. ANUMANG GANANSYA NAMIN AY IDADAGDAG NAMIN MULI SA PONDONG ITO NA DAGDAG SA PAMBILI NG ANI NG ATING MGA MAGSASAKA.

DAHIL KAUNA-UNAHAN PA LAMANG NA GINAGAWA ANG PROGRAMANG ITO AY MARAMI PANG BAGAY NA DAPAT AYUSIN UPANG LALO ITONG MAPAKINABANGAN NG KARAMIHANG ISABELINO. KINAKAILANGAN ANG PAGKAKAROON NG MAS MARAMING BUYING STATIONS O PAG-SCHEDULE NG PAGBILI SA MGA IBA'T IBANG BAYAN SA MGA MISMONG COMMUNITY CENTERS. SINISIKAP RIN NAMING AYUSIN ANG MGA BAGAY PARA HINDI MASYADONG MAHIRAPAN ANG ATING MGA MAGSASAKA SA MASYADONG MATAAS NA STANDARDS NG NFA SA KALIDAD NG MGA MAIS O PALAY NA BINIBILI NILA. KAHIT NANGANGAHULUGAN ITO NG MALUGI KAUNTI ANG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN, MALIIT NA BAGAY IYON KUNG ANG KAPAKANAN NG MGA ATING MGA MAGSASAKA ANG MAISUSULONG .

HINDI MAN NAMIN MABILI ANG LAHAT NG MGA PRODUKTO NG MGA MAGSASAKA NGUNIT SAPAT NANG MAIHAYAG KO ANG MALINAW ANG MENSAHE NA HINDI AKO MAGDADALAWANG ISIP NA GAMITIN ANG PERA NG PAMAHALAAN PARA UNANG-UNA SA KAPAKANAN NG ATING MGA MAGSASAKA. ITO AY DAHIL ALAM KO NA KAPAG UMANGAT ANG KALAGAYAN NG MGA MAGSASAKA AY AANGAT NA RIN ANG IBANG HANAY NG LIPUNAN KATULAD NG SA MGA MANGANGALAKAL O NAGTITINDA NG IBA'T IBANG PRODUKTO KATULAD NG DAMIT, PAGKAIN, GAMIT SA BAHAY, SA MGA PAARALAN KUNG MAPAG-AARAL NANG MABUTI NG MGA MAGSASAKA ANG KANILANG MGA ANAK, SA MGA PAGAMUTAN KUNG KAYA NA NG ATING MGA MAGSASAKA ANG GUMASTOS PARA SA KALUSUGAN NG KANILANG MGA PAMILYA, AT MARAMI PANG IBA.

SA BUONG PILIPINAS, AYON SA NATIONAL FOOD AUTHORITY, ANG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG ISABELA ANG UNANG GUMAWA NITO AT UNANG NAGTAGUMPAY DITO AT NGAYON AY NAIS NA TAYONG TULARAN NG IBANG LALAWIGAN. MARAMI NA TAYONG NAGING BISITA DITO SA ISABELA NA NOONG

MALAMAN ANG GANITONG ATING GINAGAWA AY HUMAHANGA AT NAGHAHANGAD NA SANA ITO RIN AY MAGAWA SA KANILANG MGA LALAWIGAN.

SMALL WATER IMPOUNDING PROJECTS

SA MGA NAKALIPAS NA TAON AY DUMAAN SA ATIN ANG NAPAKARAMING BAGYO . DALAWA SA MGA ITO AY ANG MAGKASUNOD NA SIGNAL NO. 4 NA BAGYONG PAENG AT QUEENIE. ITO AY MALIBAN PA SA MGA MATINDING PAGBUHOS NG ULAN NA NAPAKADALING MAGSANNHI NG PAGBAHA SA ATING MGA PANANIM, ISA RITO AY ANG ATING IKINAGULAT NA PAG-ULAN AT PAGBAHA NOONG ENERO NG TAONG 2006.

SA ISA SA MGA NAGING *OCULAR INSPECTIONS* NA GINAWA KO MULA SA HIMPAPAWID AY LUMABAS ANG MUNGKAHI NG ATING PROVINCIAL AGRICULTURIST DANNY TUMAMAO NA GUMAWA TAYO NG MGA SMALL WATER IMPOUNDING PROJECTS NA SIYANG SASALA SA MGA TUBIG-BAHA TUWING UMUULAN UPANG HINDI ITO MAKAPINSALA SA ATING MGA PANANIM AT PAGDATING NAMAN NG TAGTUYOT AY MAAARI ITO ANG GAMITIN PARA SA PATUBIG.

NANG DUMATING DITO SA ATING LALAWIGAN PARA TUMULONG SI PANGULONG GLORIA ARROYO AY SINABI KO SA KANIYA ANG IDEYANG ITO AT AGAD NIYANG SINANG-AYUNAN AT NAGUSTUHAN AT KANYANG PINAKILOS ANG MGA IBAT IBANG DEPARTAMENTO NG PAMAHALAAN UPANG IPATUPAD ITO .

DITO SA ISABELA AY ISINAGAWA RIN NAMIN ANG ISANG *FLOOD SUMMIT* NOONG PEBRERO 2006 UPANG PAG-USAPAN HINDI LAMANG ANG PAGTUGON SA MGA PANSAMANTALANG PANGANGAILANGAN NG MGA NABAHA, KUNDI PATI RIN ANG PAGGAWA NG MGA PANGMATAGALANG SOLUSYON. . BILANG BUNGA NG LAHAT NG ITO AY NAILAAN NA ANG MGA PROYEKTO AT PERA PARA SA MGA SMALL WATER IMPOUNDING PROJECTS.

NOONG DISYEMBRE AY ISINAGAWA NA NAMIN ANG *BIDDING* PARA MAGAWA NA ANG MGA SWIP SA MGA BAYAN NG JONES AT ROXAS.

PROJECT	LOCATION	AMOUNT (P)
KABIGAAN SWIP	SIMIBAAN, ROXAS	P 14M
DUMAWING SWIP	DUMAWING, JONES	P4.3M
STA ISABEL DIVERSION DAM	STA ISABEL, JONES	P4.6M

ANG MGA SWIP NAMAN SA CAUAYAN AT CABAGAN AY GAGAWIN NG IBANG PANGKAT AT ITO AY INAASAHANG MAKAKATULONG SA MAY 400 EKTARYA SA ATING LALAWIGAN.

MAGAT DAM

NOON LAMANG NAGDAANG LINGGO NOONG AKO AY NASA MAYNILA AY DALAWANG BESES AKONG NAKIPAG PULONG TUNGKOL SA MGA MALAKING PAGBABAGO SA MAGAT DAM NGAYON AT NABILI NA NG ABOITIZ COMPANY ANG BAHAGING MAY KINALAMAN SA POWER GENERATION O PAGLIKHA NG ELEKTRISIDAD. MULI NILANG BINIGYANG DIIN NA WALANG DAPAT IKABAHALA ANG ATING MGA MAGSASAKA SA SUPPLY NG IRIGASYON DAHIL ANG BAHAGING ITO AY MANANATILING NASA KONTROL NG NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION. SA KATUNAYAN, BAHAGI NG MAGIGING OBLIGASYON NG KUMPANYANG ABOITIZ ANG REGULAR NA MAGBIGAY NG PONDO UPANG LALONG MAPANGALAGAAN NG NIA ANG MGA PINAGMUMULAN NG TUBIG IRIGASYON PARA SA ATING MGA MAGSASAKA.

SA BUONG LALAWIGAN NG ISABELA NGAYON AY HINDI NA RIN MAIPAGKAKAILA O MAITATAGO ANG NAAABOT NG PAGKALINGA AT PAGLILINGKOD NG KAPITOLYO DAHIL SA DAAN-DAAN NANG MULTI-PURPOSE PAVEMENTS O DRYERS NA NAGAWA MULA SA MGA LIBO-LIBONG NG SEMENTO AT MGA BAKAL NA AKING IPINAGKALOOB SA MGA BARANGAY. ITO AY BUNGA NG AKING PAKIKIPAG-UGNAYANG BAYAN SA MGA BARANGAY KAPITAN TUWING ARAW NG MIYERKULES.

KUNG PAGDUGTUNG-DUGTUGIN NATING LAHAT ANG MGA FARM TO MARKET ROADS NA NA-KONGKRETO NA SA MGA BARANGAY BILANG RESULTA NG MGA IBINIGAY KONG PONDO SA ATING MGA UGNAYANG BAYAN, AY AABOT NA ITO SA HABANG
25.88 KM KUNG TWO LANES O KASING HABA NG DAAN MULA CAUAYAN HANGGANG GAMU

O KUNG ISANG LANE LANG ITO NG DAAN AY KATUMBAS NG
51.7 KM O KASING HABA NG DAAN MULA ILAGAN HANGGANG CABAGAN.

ANG BILANG NG MGA PROYEKTONG FARM TO MARKET ROAD PORTIONS NA IPINAGKALOOB KO SA MGA BARANGAY AY UMABOT NA SA BILANG NA 567. MAKIKITA NIYO ANG LISTAHAN SA MGA LARAWANG NAKA-PASKEL SA PALIGID NG ATING AMPHITHEATER.

KUNG ANG PAG-UUSAPAN NAMAN AY ANG MGA MULTI-PURPOSE PAVEMENTS NA RESULTA NG ATING MGA UGNAYANG BAYAN MULA 2005 HANGGANG 2006, UMABOT NA ITO SA BILANG NA 245…. NA GINASTUSAN NAMIN NG P12.8M

2005 AND 2006

245 DRYERS

P12.8 M

TOTAL AREA OF 70,000 SQ M

NOONG PASKO, NANG NAG-AATEND AKO NG CHRISTMAS PARTY SA ECHAGUE NG MGA BARANGAY OFFICIALS AT MGA GREEN LADIES, MAYROONG ISANG NABANGGIT SI MAYOR LEONCIO KIAT SA KANIYANG TALUMPATI NA NAGBIGAY NG MALAKING INSPIRASYON SA AKIN. ITO AY ANG GINAWA DAW NIYANG PAG-COMPUTE SA MGA NATIPID NG KANYANG MGA MAGSASAKA SA BAYAN NG ECHAGUE BUNGA NG JOINT PROJECT NAMING FARM TO MARKET ROADS AT SA KANILANG MGA BARANGAY.

AYON KAY MAYOR KIAT NG ECHAGUE, BAWAT DRYING PAVEMENT NA NAGAWA NAMIN AY KAYANG PATUYUIN ANG 200 BAGS NG PALAY O MAIS KADA ARAW NG PAGPAPATUYO O 6,000 BAGS SA LOOB NG 30 NA ARAW. SA HALIP NA MAGPATUYO SA NPGC ANG MGA MAGSASAKA AY NAKAKATIPID SILA NG TATLONG PISO KADA KABAN. GANITO ANG IPINAKITA SA AKING COMPUTATION NI MAYOR KIAT SA ANING 200 CAVANS:

PARTICULARS	**AMOUNT (P)**
DRYING PAVEMENT FEE (P 3.00 KADA CAVAN)	P 600.00
LABOR (P 5.00 KADA CAVAN)	1,000.00
FREIGHT (P 5.00 KADA CAVAN)	1,000.00
MEALS/MERIENDA	200.00
TOTAL	**P 2,800.00** KADA 200 CAVANS

TOTAL SAVINGS - P 14.00 KADA CAVAN
(P2,800/200CAVANS)

KUNG 6000 BAGS ANG MATUTUYO SA LOOB NG 30 ARAW, 84,000 AT NAKATIPID NG P14 KADA KABAN, P84,000 ANG NATIPID SA ISANG BARANGAY. NAKAGAWA KAMI NI MAYOR KIAT NG MGA DRYING PAVEMENTS SA KANYANG 64 BRNGYS , KUNG KAYAT ANG KABUUANG NATIPID AY

6,000 BAGS -30 DAYS X P 14.00 = P 84,000.00 SAVINGS

P 84,000 SAVINGS X 64 BARANGAYS = P 5, 376,000.00
TOTAL SAVINGS IN ECHAGUE

DAGDAG PA NINA MAYOR KIAT, ANG MGA NASEMENTONG KALSADA AY MALAKING KAGINHAWAAN RIN SA MGA MAGSASAKA LALO NA SA PAGDADALA NG KANILANG ANI MULA SA KANILANG BARANGAY PAPUNTA SA BAYAN. DAHIL SA MAAYOS NA ANG DAANAN, MAS NAPABILIS ANG PAGBYAHE NG MGA ANI NILA.

SINONG GOBERNADOR ANG HINDI SASAYA KUNG MAKARINIG NG GANITONG BUNGA NG KANIYANG TULONG SA KANIYANG MGA MAMAMAYAN?

UGNAYANG BAYAN

TUWING ARAW NG MIYERKOLES SA AKING PAKIKIPAG-UGNAYANG BAYAN SA ATING MGA MAMAMAYAN AT PINUNO MULA SA MGA BARANGAY, NAKAKATUWA DIN DAHIL KUNG TINATANONG KO SILA KUNG ANO ANG KANILANG MAGIGING BAHAGI SA MGA PROYEKTONG INIHIHINGI NILA NG TULONG SA AKIN NG TULONG AY NASASABI NILA SA AKIN ANG TUNGKOL SA MAAYOS NA PAGGAMIT NG KANILANG PONDO SA BARANGAY AT IBA PANG GAWAIN NA KANILANG INILULUNSAD PARA SA FUND RAISING O PAGLIKOM NG MAS MARAMI PANG PONDO PARA SA KANILANG MGA PROYEKTO.

NAGING NAPAKAGANDA AT NAPAKA-MABUNGA NG AKING MGA PAKIKIPAG-UGNAYANG BAYAN NA ITO NA KADALASAN AY GINAGAWA KO DITO SA KAPITOLYO NGUNIT MARAMING BESES NA RING AKO MISMO ANG DUMADAYO SA MGA BAYAN UPANG MALAMAN ANG KANILANG MGA PANGANGAILANGAN AT KUNG ANO RIN ANG KANILANG PWEDENG GAWIN PARA TAPATAN ANG TULONG SA KANILA NG KAPITOLYO. DINALA KO NA ANG UGNYANG BAYAN SA MGA BAYAN KATULAD NG

DELFIN ALBANO, CABAGAN, ECHAGUE, SAN MANUEL,
SAN GUILLERMO, LUNA, SAN MATEO
AT MAGING SA APAT NA COASTAL TOWNS NG PALANAN, MACONACON, DINAPIGUE AT DIVILACAN,
(KAHIT NA NGA BA ISAKAY NILA AKO SA DUYAN NA BINBUBUHAT NG MGA KASAPI NG KANILANG SANGGUNIANG BAYAN).

BILANG BUNGA, NAKAPAGBIGAY AKO NG MGA TULONG NA KADALASAN AY HINDI BUMABABA SA SINGKWENTA MIL PARA SA PAGPAPAGAWA NG MGA

PROJECT	UNITS
BRNGY HALLS (CUM DAY CARE – COMPLETION/ START)	285
DRAINAGE	25

AND IBA PANG PROYEKTONG SINUPORTAHAN KO SA MGA BARANGAY AY ANG MGA

PROJECT	UNITS
CLASROOM/SCH BLDG REPAIRS	38
SCHOOL FENCE	25
RIC/IGLO, SENIOR CITIZENS LIVELIHOOD, OFFICE EQUIPMENT , KITCHEN UTENSILS	169

ITO RIN AY NAGING ISANG PAGKAKATAON PARA SA AKIN NA PATUNAYAN NA MAABOT ANG MGA APO ISABELINO, LALO NA SA MGA PINAKAMALAYONG POOK NA NI MINSAN O BIBIHIRA KUNG MAKATIKIM NG TULONG O PAGKALINGA SA MGA NASA ITAAS. SA PUNTONG ITO AY ALAM KONG MALINAW NA SA MARAMI NA HINDI NAGING SAGABAL KUNG ANO MAN ANG NANGYARI NOONG NAKARAANG HALALAN NA HINDI MAGANDANG TRATO SA AKIN NG IBANG MGA PINUNO SA BARANGAY. ANG PANINIWALA KO MAHAL KONG MGA APO ISABELINO AY SAYANG ANG ATING ORAS KUNG AAKSAYAHIN NATIN SA MGA MASASAKIT NA BAGAY NG ATING NAKARAAN. MATUTO TAYO SA MGA ARAL NA IDINULOT NITO SA ATIN SUBALIT HUWAG NATING GAWIN ANG MGA ITO NA HADLANG SA ATING PAGSULONG.

SA AKING UGNAYANG BAYAN AY ILANG BESES NA RING DUMALO SI MAYOR BENEDICT CALDERON NG ROXAS AT NAGING JOINT PROJECT NAMIN ANG PAGSASAAYOS NG MGA CANAL O DRAINAGE SA MGA BARANGAY SA POBLACION ROXAS. HUMILING SIYA SA AKIN AT NAGPADALA AKO SA KANILA NG DALAWANG LIBONG SAKO NG SEMENTO.

ISA RING NAGING LAGING KAUSAP KO SI KAPITAN VICTOR DY NG SAN FERMIN, CAUAYAN. HUMILING SIYA SA AKIN NG TULONG PARA SA PAGSASAAYOS SA PUROK 8, SITIO SAN CARLOS, SAN FERMIN CAUAYAN CITY AT NAGBIGAY AKO SA KANILA NG TULONG NA P200,000.

SA BARANGAY SAMPALOC, CABATUAN NI KAPITANAN BIMBI BERNARDO, NAGBIGAY AKO NG 3,500 HOLLOW BLOCKS AT 250 BAGS NG SEMENTO PARA SA PAGSASAAYOS NG DAAN AT PAG-UUSAPAN NAMIN MULI KUNG PAANO AKO MAKAKATULONG SA PAGSASAGAWA NG STEEL BLEACHERS SA KANILANG BARANGAY.

SA MGA TAGA-REINA MERCEDES ISABELA, MALAPIT NANG MAGAWA ANG MATAGAL NIYO NANG INAASAM NA PAGSASAAYOS NG DAAN SA MAY CURVA SANTOR

REINA MERCEDES. ILANG BESES KAMING NAGKAUSAP NI MAYOR RESTITUTO RESPICIO TUNGKOL DITO AT NAGKASUNDO NA KAMI SA BAHAGI NG KANIYANG LUPANG MASASAKOP NG KALSADA.

HEALTH

SA USAPIN NAMAN NG PANGKALUSUGAN, NAABUTAN KO ANG LIMANG BAGONG MALALAKING GUSALI NA SABAY SABAY NA GINAWA. NONG MGA HULING BUWAN NG PANUNUNGKULAN NG AKING PINALITANG GOBERNADOR. PARA DITO AY UMUTANG SILA SA BANGKO ILANG BUWAN BAGO MAGHALALAN NOONG 2004.

PNB	**DBP**
P150M	P335M
4 HOSPITALS	4 HOSPITALS
CLASSROOM BUILDINGS	MEDICAL EQUIPMENT
ROADS	POST HARVEST FACILITIES

SUBALIT TANGING ANG MGA GUSALI ANG AMING NAABUTAN. KUNG PAPAANO ANG MAGIGING OPERASYON NG MGA ITO ANG SIYANG NAGING SULIRANIN.

KUNG MAPAPANSIN NIYO, SA APAT NA BAGONG GUSALI NG ATING MGA DISTRICT HOSPITAL SA CABAGAN, ROXAS, CAUAYAN AT ECHAGUE, MAPAPANSIN NIYO NA PAREHONG NAKA-LISTA ANG MGA ITO SA PAGGAGAMITAN NG MGA PERANG INUTANG SA PNB AT SA DBP.

NATAPOS NAMAN ANG KARAMIHAN SA MGA GUSALI BAGO MAG-ELEKSYON NOON SUBALIT ANG MGA ITO AY IYONG MGA BUILDING LAMANG, MARAMI SA MGA KAILANGAN SA LOOB AY HINDI PA. MARAMI KAMING MGA DAPAT INAYOS BAGO ANG LUBUSAN AT TUNAY NA PAGKAGAMIT NG MGA NATURANG BAGONG GUSALI NG MGA HOSPITAL.

HALIMBAWA, SA AKING PANAHON NA LAMANG NATAPOS ANG ROOF DECK NG ISABELA PROVL HOSP SA ILAGAN PATI NA RIN ANG PAGKUMPLETO SA 3RD AND 4TH

FLOORS NITO. KABILANG DITO ANG MGA ILAW, KISAME, MGA PINTUAN, PLUMBING, TILES, AT IBA PA.

WATER SYSTEM

NATAPOS NANG NAIKABIT ANG "WATER SUPPLY SYSTEM" SA ROXAS DISTRICT HOSPITAL NA NAGKAKAHALAGA NG P406,000 SAMANTALANG KASALUKUYANG IKINAKABIT ANG "WATER SYSTEM" NG MILAGROS DISTRICT HOSPITAL AT PRIMO GAFFUD DISTRICT HOSPITAL NA NAGKAKAHALAGA NG P1.8M

ANG TUBIG AY AY MAHALAGA SA MGA PAGAMUTAN HINDI LAMANG SA PANG-ARAW ARAW NA GAMIT BILANG INUMIN KUNGDI ITO AY GINAGAMIT RIN UPANG PANATILIHIN ANG KALINISAN AT KAAYUSAN NG MGA HOSPITALS LALO NA SA MGA OPERATING ROOMS, DELIVERY ROOMS AT EMERGENCY ROOMS.

GENERATORS

SA AKING PANUNUNGKULAN AY MAG-UUMPISANG WALA NG BROWN-OUT SA ATING MGA HOSPITALS.

MINSAN, MAYROONG ISANG MEDICAL MISSION NA ISINAGAWA SA ATING MILAGROS DISTRICT HOSPITAL SA CABAGAN, ISABELA NG ILANG MGA DOKTOR AT NURSE NA TAGA-AMERIKA. KWENTO NILA SA AKIN NA HABANG SILA AY NAG-OOPERA AY NAG BROWN OUT KUNG KAYAT KINAILANGAN NILANG GAMITIN ANG MGA ILAW NG KANILANG MGA CELLPHONES PARA IPAGPATULOY ANG OPERASYON. HINDI NA MANGYARI ANG GANITO DAHIL BAWAT ISA SA ATING MGA HOSPITAL SA LAHAT NG DISTRITO NG ISABELA AY MAYROON NANG GENERATOR.
ANG MILAGROS – CABAGAN
ROXAS
CAUAYAN
ECHAGUE
ISABELA PROVL – ILAGAN

PLUS CAPITOL AND GUEST HOUSE WHICH IS ACTUALLY MORE MY OFFICE

THE COST OF THE GENERATION SETS IS P 8,856,456.00
PLUS HOUSING, CABLE WIRES, PIPES , INSTALLATION

TOTAL COST OF P10M

BUKOD SA MGA GENERATOR SETS AY ISINAYOS RIN ANG AIRCONDITIONING SA MGA HOSPITAL

PROVL – 2 FOR PRIVATE ROOMS

ECHAGUE – FOR OR, DELIVERY ROOM, XRAY AND DOCTORS QUARTERS

ROXAS – FOR OR , LABOR ROOM, DELIVERY ROOM, ICU

***** AMPHITHEATER – 10 UNITS CABINET TYPE

DECAYING VAULTS

SA PANAHON NG AKING PANUNUNGKULAN AY NABIGYAN NA RIN NATIN NG KATUGUNAN ANG MGA MAHALAGANG REQUIREMENT SA HOSPITAL NA ITINAKDA NG DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES. ITO AY ANG PAGKAKAROON NG MGA TINATAWAG NA DECAYING VAULTS NA LUBHANG KAILANGAN PARA MAY LIGTAS NA TAPUNAN NG MGA DUMING NABUBULOK AT MGA NAKAKAHAWA AT MGA TOXIC NA MGA BAGAY GALING SA MGA PAGAMUTAN PARA HINDI KUMALAT ANG MGA ITO KUNG SAAN-SAAN. ANG ATING LIMANG HOSPITAL SA BUONG LALAWIGAN ANG NAUNA NANG PINAGAWAAN NG MGA DECAYING VAULTS. BAWAT ISA AY NAGKAKAHALAGA NG P 326,521.96 BAWAT ISA O ANG BUONG HALAGA PARA SA LIMA AY P1,632,698.

MEDICAL EQUIPMENT

SA KABILA NG MARAMING PAGBATIKOS O MALING IPINALALABAS NG MGA TAONG HINDI MATANGGAP ANG MARAMI NANG PAGBABAGO SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA, NAIS KONG MALAMAN NIYO NA TAHIMIK NGUNIT TULOY-TULOY NAMING ISINAAYOS LAHAT ANG MGA PANGANGAILANGAN NG MGA HOSPITALS ALINSUNOD SA MATAAS NA PAMANTAYAN NG KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT NG PHILHEALTH NA KAILANGAN PARA SA LISENSIYA AT ACCREDITATION. BUMILI TAYO NG IBAT IBANG GAMIT PANG HOSPITAL GAYA NG SUCTION MACHINES, , X-RAY SHIELDS, MEDICAL OXYGEN WITH GAUGES, MATTRESSES, PLASTIC CHAIRS, WEIGHING SCALE,MAS MARAMI PANG ELECTRIC FANS, EXHAUST FANS PARA SA ATING MGA HOSPITAL, MGA FIRE

EXTINGUISHERS, SUBMERSIBLE PUMPS, AT PARA MAGING MAS MAAYOS ANG MGA TALAAN O RECORDS SA ATING MGA HOSPITALS, MGA COMPUTERS AT PRINTERS.

ANG MGA GAMOT AY LAGING PRAYORIDAD , PATI NA ANG MGA IBA'T IBANG SERBISYONG PANGKALUSUGAN GAYA NG MGA X-RAY, ULTRASOUND, BLOOD BANK AT MGA LABORATORYONG KINAKAILANGAN PARA MALAMAN ANG MGA IBA'T IBANG MGA SAKIT AT MABIGYAN LUNAS ANG MGA ITO.

HOSPITAL UPGRADING

DAHIL SA MGA PAGBABAGONG ITO BUNGA NG MALAKING PAGPAPAHALAGA SA PAGBIBIGAY SERBISYO SA ATING MGA APO ISABELINO, NAITAAS NATIN ANG ANTAS NG ATING MGA HOSPITAL

KATULAD NG ISABELA PROVINCIAL HOSPITAL AT MRDH NA PAREHONG NAITAAS NA NATIN MULA LEVEL I PAPUNTANG LEVEL II SA PAMANTAYAN NG DOH

AT SA PAMANTAYAN NAMAN O STANDARDS NG PHEALTH AY NAITAAS NA NATIN MULA PRIMARY PAPUNTANG SECONDARY ANG LAHAT NG ATING PINAKAMALAKING HOSPITAL KATULAD NG IPHO, AT ATING MGA DISTRICT HOSPITALS SA CABAGAN, ROXAS, CAUAYAN. TANGING ECHAGUE NA LAMANG ANG HINDI NAITATAAS ANG ACCREDITATION SA SECONDARY DAHIL SA KAKULANGAN NG MGA DOKTOR KATULAD NG MGA SURGEONS.

PHILHEALTH

ISA SA MGA PINAKAMALAKING BATIKOS SA AKING PAG-UPO PA LAMANG NOON BILANG GOBERNADOR AY ANG AKIN DAW PAGPAPATIGIL SA *HEALTH CARE PROGRAM* NG NAKARAANG ADMINISTRASYON. NGUNIT PAANO KO IPAGPAPATULOY ANG ISANG PROGRAMANG NAI-REGISTER BILANG ISANG PRIBADONG KORPORASYON SA SECURITIES AND EXCHANGE COMMISSION. PAANO KO IPAGPAPATULOY ANG ISANG PROGRAMA NA WALA NAMANG NAIWANG PERA, NGUNIT NANGANGAKO NG 100% COVERAGE KAPAG NAGKASAKIT ANG MGA MIYEMBRO. NGUNIT SA TALAAN AY MAS NAUNA NAMAN NA NABIGYAN NG MGA PRIORIDAD ANG MGA MAYAMAN AT MAKAPANGYARIHAN. PAANO KO IPAGPAPATULOY ANG ISANG PROGRAMA NA HINDI PUWEDENG I-SUSTAIN AT ANG PWEDENG PAGPAPAGAMUTAN LAMANG AY ANG ILANG MGA PILING HOSPITAL SA MAYNILA.

KAHIT ANO ANG KANILANG MASASAKIT NA SINABI AT HINDI MAKATARUNGANG PAGKUKUMPARA NG ILANG TAO, HINDI AKO NAGPADALA DAHIL HINDI SILA ANG NASA KALAGAYAN KO. HINDI SILA ANG MAYROONG RESPONSIBILIDAD NA PANGALAGAAN AT TIYAKIN ANG TUNAY NA KAPAKANAN NG MGA APO ISABELINO.

NAGHANAP KAMI NG PARAAN PARA MATUGUNAN ANG PANGANGAILANGAN. ANG NAGING KASAGUTAN AY ANG PHILHEALTH – ANG FAMILY HEALTH INSURANCE PROGRAM NA PARA SA BUONG PAMILYA, ISANG PROGRAMANG PANGKALUSUGAN NA MAAARING GAMITIN, HINDI LAMANG NG CARD HOLDER, KUNDI NG KANYANG ASAWA AT MGA ANAK AT MAGING MGA MAGULANG..

ANG UNANG-UNANG ISINAALANG-ALANG NAMIN AY ANG DAPAT MABIBIYAYAAN NG HEALTH PROGRAM AY ANG MGA TUNAY NA NANGANGAILANGAN, ANG MGA MAHIHIRAP.

NOONG UNANG TAON NG PHILHEALTH PROGRAM, "***PARA TI SALUN-AT MO, APO ISABELINO"***, NAABOT NAMIN AT NABIGYAN NG PHEALTH INSURANCE ANG MAY 97,505; NOONG 2006 AY TUMAAS ITO SA 99,902.

NATUKOY NAMIN ANG MGA MAHIRAP NA ISABELINO SA PAMAMAGITAN NG PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA BARANGAY OFFICIALS, MUNICIPAL SOCIAL WORKERS AT MGA NON-GOVERNMENT ORGANIZATIONS.

BUKOD SA MGA MAHIHIRAP O INDIGENTS, BINIGYAN DIN NAMIN ANG LAHAT NG
MGA BARANGAY HEALTH WORKERS
LAHAT NG BARANGAY NUTRITIONISTS
LAHAT NG BARANGAY DAY CARE TEACHERS
AT LAHAT NG MGA BARANGAY TANOD.

ITO'Y BILANG PAGKILALA SA KANILANG MGA BOLUNTARYONG PAGLILINGKOD SA ATING MGA MAHAL NA APO ISABELINO. AT ITO AY DAHIL NA RIN SA KANILANG MAHALAGANG PAPEL SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN NG MGA MAMAMAYAN LALO NA SA LARANGAN NG TINATAWAG NA PREVENTIVE MEDICINE.

DAHIL GUSTO KO MAKATIYAK NA NAABOT KO ANG MAS MARAMI PANG MAHIHIRAP AT HIGIT NA NANGANGAILANGAN SA MGA PINAKAMALALAYONG LUGAR NG ATING LALAWIGAN, HUMINIGI PA AKO NG TULONG SA IBANG MGA SAMAHAN KATULAD NG GRUPONG SIMBAHAN PARA MATUKOY ANG IBA PANG DAPAT PAGKALOOBAN NG PHILHEALTH AT NAIDAGDAG SA TALAAN NG ATING MGA

BENEFICIARIES ANG MAY 1,061 NA GALING SA MGA MAS MALAYO PANG BARANGAY AT TOTOONG NANGANGAILANGAN.

ISA PANG AMING GINAWA AY BIGYAN NG PH CARDS ANG MGA ISABELINONG MAY KAPANSANAN .

2005 1,389 2006 2,171

PARA SA MGA PWD NA WALA PANG ASAWA AT ANAK, ANG MGA PHILHEALTH CARDS, PARA LUBOS NA MAPAKINABANGAN AY IPINANGALAN HINDI SA KANILA MISMO, KUNDI SA KANILANG MGA MAGULANG UPANG HINDI LAMANG SILA ANG MAKINABANG, KUNDI PATI ANG KANILANG MAGULANG, ANG KANILANG MGA KAPATID. SA PAMAMAGITAN MAN LAMANG NITO, APO ISABELINO, AY MAITUTURING NA HINDI PABIGAT ANG ISANG ISABELINONG MAY KAPANSANAN. BAGKUS DAHIL SA KANYA AY MABIGYAN NG PHILHEALTH ID ANG KANYANG PAMILYA. KUNG HINDI DAHIL SA KANYA AY WALANG GANITONG TULONG NA MATATANGGAP ANG KANYANG MGA MAGULANG AT MGA KAPATID KUNG SAKALING SILA AY MAGKASAKIT.

HALOS ABOT NA NAMIN ANG TARGET NA 100, 000 ISABELINO NA I-ENROLL SA PHEALTH AT DAHIL ITO AY PARA SA BUONG PAMILYA – SABIHIN NANG TATAY, NANAY, APAT NA ANAK, DALAWANG MAGULANG – 8 LAHAT - TIMES 100,000 – 800,000 ISABELINOS COVERED, O HIGIT SA KALAHATI N G ATING 1.4 MILLION POPULATION. ANG IBANG ISABELINO NAMAN NA MAYROONG TRABAHO AY NAKA-ENROLL NA SA PHILHEALTH SA PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA KUMPANYA O OPISINANG KINABIBILANGAN. ANG BAGAY NA ITO, MAHAL KONG MGA APO, ISABELINO AY NAKAPAGBIBIGAY SA AKIN NG KASIYAHAN NA MALAMAN NA KARAMIHAN O MAJORITY SA AKING MGA KABABAYAN AY MAYROONG HEALTH INSURANCE. BAWAT ISA SA HALOS 100,000 PHEALTH CARDS NA AMING IPINAGKAKALOOB AY NAGKAKAHALAGA NG P1,200. DALANGIN KO PA RIN NA SANA AY HINDI NIYO KAILANGANG GAMITIN ITO O NG INYONG MGA ANAK, NA SANA AY HINDI KAYO MAGKASAKIT, SUBALIT DAHIL ANG SAKIT AY HINDI NAIIWASAN, MALAKING BAGAY NA MATIYAK NA MAYROON TAYONG MAASAHANG MALAKING TULONG SA PHILHEALTH INSURANCE NATING MGA APO ISABELINO.

ISA SA MGA NAKAKUHA NG BENEPISYO MULA SA PROGRAMANG ITO AY SI RODRIGO F. CADIZ NG CAPIRPIRIWAN, CORDON, ISABELA. UNANG NAGAMIT NI MANG RODRIGO ANG KANYANG CARD NOONG NA-CONFINE SYA SA JAVONILLO HOSPITAL, CORDON NOONG AGOSTO 7-10, 2005. MULA SA HOSPITAL BILL NA P 5,067.00, NABAWASAN ANG KANYANG BILL NG P3,200.00 KAYA P 1,867.00 NA LANG ANG KANYANG BINAYARAN. PANGALAWANG BESES NA NAGAMIT NYA ITO AY NOONG NAOPERAHAN SYA SA KIDNEY SA VETERANS REGIONAL HOSPITAL, BAYOMBONG, NUEVA VIZCAYA NOONG AGOSTO 11

HANGGANG NOBYEMBRE 10, 2005. ANG KANYANG HOSPITAL BILL AY UMABOT NG P 107,201.00 AT INAKO NG PHILHEALTH ANG P 68,650.00. KAYA ANG BINAYARAN NYA NA LANG AY P 38,551.00. MULI AY NAGAMIT NYA ITO SA JAVONILLO HOSPITAL NOONG MARSO 12 -14, 2006 AT MULA SA KANYANG HOSPITAL BILL NA P3,580.00, ANG PHILHEALTH ANG NAGBAYAD NG P2,110.00. MALIBAN KAY MANG RODRIGO AY NAGAMIT DIN NG KANYANG MAYBAHAY ANG KANYANG PHILHEALTH CARD NOONG SYA AY NA-CONFINE SA SOUTHERN ISABELA GENERAL HOSPITAL

NOONG PEBRERO 27 HANGGANG MARSO 9, 2006. NABAWASAN ANG KANYANG HOSPITAL BILL NG P 7,401.00. SAMAKATUWID, ANG PAMILYA CADIZ AY NAKATANGGAP NG BENEPISYONG P 81,361.00 MULA SA 4 NA BESES NILANG PAGKAKAGAMIT NG PHILHEALTH SA UNANG TAON NG KANYANG PAGKAKASAKOP SA PROGRAMANG ITO NA HANDOG NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG ISABELA SA PANGUNGUNA NI GOB. GRACE.

ISA PANG HALIMBAWA NG BENEPISYONG NAKUHA SA PHILHEALTH AY ANG KASO NI JOHN LLOYD INDIAN NA NA-CONFINE NOONG AUGUST 13 HANGGANG 18 , 2006 SA CAUAYAN DISTRICT HOSPITAL DAHIL SA SAKIT NA BRONCHOPNEUMONIA. UMABOT SA P 3,360.00 ANG HOSPITAL BILL NYA NGUNIT SINAGOT NG PHILHEALTH ANG P 3,350.00 KAYA P 10.00 NA LANG ANG BINAYARAN NILA SA HOSPITAL.

SI MARIBEL GUMARU NAMAN NG BENITO SOLIVEN AY NANGANAK SA PAMAMAGITAN NG CAESAREAN SECTION SA ISABELA PROVINCIAL HOSPITAL, ILAGAN, ISABELA NOONG NOBYEMBRE 29 HANGGANG DISYEMBRE 11, 2006. MULA SA KANYANG HOSPITAL BILL NA P 6,860.00, INAKO NG PHILHEALTH ANG P 5,320.00 KAYA ANG BINAYARAN NA LAMANG NYA AY P 1,540.00.

SULIT ANG ENROLLMENT SA PHILHEALTH

CAPITATION – EQPT AND DOCTORS

PHILHEALTH PARTICULARS	**AMOUNT (P)**
2005 INVESTMENT	P 39.4 M
CAPITATION FUND (RETURNED TO PROVINCIAL GOV'T)	29.2 M
NET AMOUNT OF INVESTMENT	10.1 M
TOTAL AMOUNT PAID BY PHILHEALTH TO REG. 2 HOSPITALS FOR PATIENTS CARE	24 M
"BENEFIT"	**14 M**

(USE SLIDES IN EXPLAINING)

2005 1ST YEAR

PAID 40 M BUT RECEIVED CAPITATION P29M

39.4M PAYMENT/INVESTMENT

29.2M CAPITATION

10.1M NET AMOUNT OF INVESTMENT

PAID TO HOSPITAL IN REG 2 AS OF JULY 06 OR AFTER 1 YEAR P24M (INCLUDING PAID TO PROVINCIAL HOSPITALS OF ISABELA 6M)

10M NET INVESTMENT

24M PAID FOR PATIENTS CARE TO HOSPITALS

14M "BENEFIT"

PERCENTAGES OF CAPITATION

TO EQUIPMENT

TO DOCTORS - P21 M (BUT PWRPOINT SHOULD SHOW THREE DATES AND AMOUNTS OF RECEIPTS)

KATULAD NG AKING INIHAYAG NOONG BUWAN NG OKTUBRE NANG INILUNSAD ANG YEAR II NG ATING PHILHEALTH PROGRAM, IPINAPATUPAD NA NAMIN ANG MGA GOVERNORS INFORMATION DESK SA ATING MGA HOSPITAL KATULAD NG MGA DISTRICT HOSPITAL SA CAUAYAN, ECHAGUE AT SA PROVINCIAL HOSPITAL SA ILAGAN. NAKATAKDA NA RING ITATAG ANG MGA INFORMATION DESK SA MGA DISTRICT HOSPITAL SA ROXAS AT CABAGAN. ITO ANG MGA KINATAWAN NG AKING TANGGAPAN SA MGA NASABING HOSPITAL PARA AGAD KONG MALAMAN ANG MGA MABUTING GINAGAWA NG MGA KAWANI SA ATING MGA HOSPITAL UPANG ANG MGA ITO AY PAMARISAN, GAYUNDIN NA GUSTO KONG KAAGAD MALAMAN UPANG MAPIGILAN ANG MGA DI KANAIS NAIS NA GAWAIN KATULAD NG PAGBEBENTA AT PAGPUPUSLIT NG MGA GAMOT, MGA SUMBONG TUNGKOL SA ILANG DOKTOR AT NURSES NA DIUMANO AY NANININGIL NG BAYAD NA DI ANGKOP SA MGA PATAKARAN AT IBA PANG IPINAPARATING SA AKIN NA SUMISIRA SA AKING LAYUNING PAGBUTIHIN ANG PAGLILINGKOD NG KAPITOLYO SA MGA MAMAMAYAN. ALAM KO NAMANG SA HANAY NG MGA TAONG WALANG MALAKING MAIPINTAS SA AKIN AY PINALALABIS NILA ANG MGA PARATANG KATULAD NG SINASABING KAKULANGAN NG MGA GAMOT SA ATING MGA HOSPITAL. KAAGAD KONG INIUTOS ANG PAGIMBESTIGA DITO. LUMALABAS NA ISA SA MGA DAHILAN AY MAY MGA DOKTOR AT NURSES NA PINAPABILI SA MGA PASYENTE ANG MGA GAMOT SA LABAS NG OSPITAL KAHIT MAYROON ITO SA BOTIKA NG HOSPITAL. SILA PA ANG NAGSASABI KUNG SAANG BOTIKA DAPAT BILHIN. MAY MGA DOKTOR NA AYAW MAGRESETA NG GENERIC NA MURA KUNDI BRANDED NA MAS MAHAL DAHIL MAY MAKUKUHA SILANG INCENTIVE SA DRUG COMPANY O BOTIKA NA NAGBEBENTA NG GANUNG KLASENG GAMOT.

SA KASALUKUYAN, MAY MGA DOKTOR NANG NASUSPENDE O NAILIPAT NG TUNGKULIN HABANG INIIMBESTIGA ANG MGA SUMBONG LABAN SA KANILA. KAILANGAN SILANG MAGPALIWANAG SA MGA USAPIN NG PANININGIL NG PROFESSIONAL FEE AT PAGPUSLIT AT PAGBENTA NG GAMOT SA LABAS NG OSPITAL. SA PAMAMAGITAN NG MGA INFORMATION OFFICERS KO SA MGA HOSPITAL AY LALO AKONG NAGAGABAYAN SA MGA BAGAY NA DAPAT KONG MALAMAN AT AKSYUNAN PARA SA KAPAKANAN NG ATING MGA MAMAMAYAN.

SA MGA TAO SA TABI-TABI NA MAARING NANADYANG GUMAWA NG KABALBALAN DAHIL SANAY NA SILA O MARAHIL PARA SIRAIN ANG AKING PANGASIWAAN, TANDAAN NIYO NA ANG UNA NIYONG SISINIRA AY ANG MGA SARILI NIYO. SA MGA KABABAYAN KONG ISABELINO, SANA MALAMAN AT MAUNAWAAN NIYO NA ISA SA MGA PINAKAMAHIRAP KONG LAGING PAGDAANAN BILANG GOBERNADOR AY KUNG PAANO MAGTRABAHO NANG HINDI NA LANG LAGING NANINIMBANG, NANG HINDI NA LANG LAGING NANINIYAK KUNG ANG MGA KASAMA KONG TAO AY NANUNUBOK LAMANG SA AKIN, NAGMAMANMAN PARA MAY MAIPARATANG, O UPANG MAY MAISUMBONG SA KABILA.

PERO HINDI KO NA ITO MASYADONG PINAGTUTUUNAN NG PANSIN. AYAW KONG MAGING HINDI MAKATARUNGAN SA MGA KARANIWANG KASAMA NAMIN DITO SA KAPITOLYO NA TAPAT SA KANILANG PAGLILINGKOD SA INYONG AMING MGA APO ISABELINO. GINAGAWA RIN NILA ANG KANILANG MAKAKAYA UPANG MATULUNGAN NILA AKONG MAGAMPANANG MABUTI ANG AKING TUNGKULIN. ITUON NA LAMANG NATIN ANG ATING PANSIN SA MAS MARAMING TAGA-KAPITOLYO NA MAHUSAY NA GUMAGANAP SA KANILANG MGA TUNGKULIN. PERO MAG-INGAT DIN SA MGA TAONG MAYROONG MGA IKINIKILOS NANG LIHIM.

INFRASTRUCTURE PROJECTS

KUNG ANG PAG-UUSAPAN AY ANG MGA INFRASTRUCTURE PROJECTS, MARAMI RING PROYEKTO ANG NAUMPISAHAN NGUNIT HINDI NA NATAPOS NG NAKARAANG PAMUNUAN.

PARA SA MGA IBA PANG INFRASTRUCTURE PROJECTS, GANITO ANG MGA RECORDS SA MGA INUTANG SA PNB AT DBP.
(FOCUS ON CLASSROOM BLDGS AND ROADS)

PNB	DBP
P150M	P335M
4 HOSPITALS	4 HOSPITALS
CLASSROOM BUILDINGS	MEDICAL EQUIPMENT
ROADS	POST HARVEST FACILITIES

MABILISAN AT SABAY-SABAY NA GINAWA ANG MGA PROYEKTO AT MARAMI NAMAN SA MGA ITO ANG TINAPOS NG MGA KONTRAKTOR SUBALIT TILA HINDI NASIGURONG MABUTI ANG MGA PROSESO AT PAPELES PARA SA PAGBAYAD SA KANILA. KUNG KAYAT NOONG AKO AY UMUPO BILANG GOBERNADOR, HINDI KO KAAGAD SILA NABAYARAN DAHIL GUSTO KO RIN NAMING TIYAKIN NA MAAYOS ANG MGA DOKUMENTO PARA SA MGA PROYEKTONG ITO.

MARAHIL HINDI RIN NILA INASAHAN NA MAGKAKAROON NG BAGONG GOBERNADOR NA KANILANG PAKIKITUNGUHAN NA IBA NA SA GOBERNADOR KUNG KANINO SILA NAKIPAGKASUNDO. KUNG MAYROON MANG NATAPOS NA MGA PROYEKTO, MARAMI RIN ANG NAIWANG NAKATIWANGWANG, KATULAD NG MGA ESKWELA AT MGA PROYEKTONG KALSADA, MGA DAAN NA ISANG BAHAGI LANG O ONE-LANE LAMANG ANG NATAPOS. AYON SA PALIWANAG SA AKIN NG MGA INHENYERO AT MGA CONTRACTOR HINDI DAPAT PABAYAANG ANG MGA ONE-LANE NA DAAN AY MATAGAL NA HINDI MASUNDAN KAAGAD NG KABILANG LANE NITO DAHIL MAS MADALI ITONG MASISIRA. KAYA NAGPASYA AKO NA ITULOY NA AT TAPUSIN ANG MGA ONE-LANE PROJECTS NA ITO.

KATULAD NG

1. VILLA CONCEPCION-MALIGAYA PROVINCIAL ROAD, CAUAYAN
2. RAMON-SAN ISIDRO PROVINCIAL ROAD, RAMON
3. MALIGAYA ROAD, CAMP SAMAL, TUMAUINI
4. MARASAT-MAPUROK BARANGAY ROAD, SAN MATEO
5. AURORA-NAMPICUAN PROVINCIAL ROAD

SA KABUUAN, WALONG KILOMETRO ANG HABA NG MGA KALSADANG ITO NA NAGAWA - INUMPISAHAN NG NAKARAANG ADMINISTRASYON, ITINULOY AT TINAPOS NAMIN, AT KARAMIHAN AY BINAYARAN NA NAMIN.

KINAILANGAN DIN NAMING TAPUSIN ANG 27 CLASSROOMS NA NAUMPISAHAN NANG GAWIN KABILANG DITO ANG

1. 10 CL ICT BUILDING, ISU CABAGAN CAMPUS

2. 8 CL RAMON NATIONAL HIGH SCHOOL
3. 5 CL SAN JUAN-RUGAO ELEMENTARY SCHOOL, ILAGAN
4. 2 CL SAN RAFAEL ELEMENTARY SCHOOL, ROXAS
5. 2 CL ANGADANAN ELEMENTARY SCHOOL, DELFIN ALBANO
6. HOME ECONOMICS BUILDING, ANTAGAN, TUMAUINI

PATI NA RIN ANG IBA PANG ISTRUKTURA KATULAD NG LIGA NG MGA BARANGAY (LMB) BUILDING- CENTRO, TUMAUINI- P 1.6 MILYONG PISO. ANG LAHAT NG BAYAD SA MGA ITO AY SA PANAHON NA NG AKING PANUNUNGKULAN.

AT ANG DAAN SA SAN ANTONIO DELFIN ALBANO, ISABELA , CAMP SAMAL ROAD SA TUMAUINI AT ISA PANG PROYEKTO SA QUEZON, ISABELA

SA ATING MGA DISTRICT HOSPITALS AT IPHO, NAPAKARAMI PA RING KULANG NA MEDICAL EQUIPMENT. INILISTA NAMIN ANG LAHAT NG ITO BATAY SA REKOMENDASYON NG MGA DOKTOR SA BAWAT HOSPITAL AT AYON NA SA REQUIREMENTS NG DOH AT PHILHEALTH PARA SA ACCREDITATION KAYA NOONG DECEMBER 28, 2006 AY ISINAGAWA NAMIN ANG BIDDING PARA SA PAGBILI NG MEDICAL EQUIPMENT SA HALAGANG P44M. DITO NA GAGAMITIN ANG CAPITATION FUND NA IBINIGAY SA ATIN NG PHILHEALTH MULA SA MGA PREMIUMS NA IBINAYAD NATIN SA KANILA.

KABILANG SA MGA BIBILHING KAGAMITAN ANG:

DALAWANG DIALYSIS MACHINES
HEAVY DUTY ECG
ULTRA-SOUND MACHINES
CARDIAC MONITOR
ICU INFANT INCUBATOR
ISANG MAJOR MOBILE OPERATING TABLE
MGA GAMIT SA PAG-OOPERA
GAMIT SA MGA MANGANGANAK
PHOTO-THERAPY LIGHT FOR JAUNDICED INFANTS

DITO NATIN GAGAMITIN, APO ISABELINO, ANG ILAN SA MGA PONDONG MAYROON TAYO NGAYON SA ATING LALAWIGAN.

GUSTO KONG SABIHIN SA INYO NA ANG MGA BIDDING NA GINAGAWA NA NGAYON AY BUKAS SA LAHAT NA GUSTONG SUMALI. PATAS ANG OPORTUNIDAD SA LAHAT NG MGA BIDDERS, CONTRACTOR MAN O SUPPLIER AT WALANG PINAPABORANG SINO MAN.

KUNG SA IBA AY SA MALILIIT NA PAHAYAGAN LAMANG NAG-AANUNSIYO NG KANILANG BIDDING ACTIVITIES, ANG GINAGAWA NG BAC ISABELA AY SA MGA MALALAKI AT RESPETADONG MGA DYARYO MAGPALATHALA KATULAD NG PHILIPPINE DAILY INQUIRER . KAHIT PA ITO AY MAS MAHAL PERO MAS MARAMI NAMAN ANG MAKAKABASA NITO. IPINAPASKIL DIN NAMIN ANG MGA NOTICES TUNGKOL SA BIDDING SA MGA MISMONG LUGAR DITO SA KAPITOLYO AT BINABANGGIT KO RIN ITO SA AKING MISMONG RADIO PROGRAM NA NAPAPAKINGGAN ARAW-ARAW SA HOT FM. GUSTO KONG MAS MARAMI ANG TAONG MAKAALAM TUNGKOL SA MGA PROYEKTONG POPONDOHAN NATIN. ISA RIN RIN ITONG PARAAN UPANG MALAMAN NATIN KUNG SAAN AT SINO ANG MAYROONG MGA MAS MABABANG PRESYO.

CREDITORS

SA PUNTONG ITO, NAIS KONG PAKINGGAN NIYONG MABUTI ANG AKING ULAT TUNGKOL SA MGA NAABUTAN KONG MGA UTANG NA BUNGA NG MGA INFRASTRUCTURE PROJECTS NA SINIMULAN, AT HINDI NATAPOS LAHAT AT HINDI NABAYARAN.

CREDITOR	**AMOUNT (P)**
BANKS	P 482,85,500.00.
SUPPLIERS , CONTRACTORS, LGU MOA	275,911,585.97
TOTAL	**P 758,297,085.97**

SUPPLIERS, CONTRACTORS, LGU MOA

CONTRACTED BY JR. DY	P 265,569,943.07
CONTRACTED BY BEN DY	10,341,642.90
TOTAL	**P 275,911,585.97**

P 10,341,642.90 CONTRACTED BY BEN DY. (2001 OR 6 YEARS AGO – HINDI NABAYARAN KAHIT NOONG PANAHON NG KANIYANG KUYA)

PAGKAKAUTANG SA MGA BANGKO

BANK	**AMOUNT (P)**
PNB	
(BENJAMIN G. DY)	P 150,000,000.00
(FAUSTINO S. DY, JR.)	150,000,000.00

	300,000,000.00
DBP (FAUSTINO S. DY, JR.)	160,000,000.00
LBP (FAUSTINO S. DY, JR.)	22,385,500.00
TOTAL	**482,385,500.00**

SA KABUUANG HALAGA NG MGA UTANG SA BANGKO, ANG NABAYARAN NA AY

236 M NA PRINCIPAL

210 M NA INTERES

APO ISABELINO, SA ATING INTERNAL REVENUE ALLOTMENT NA NATATANGGAP MULA SA PAMBANSANG PAMAHALAAN, 14% NITO AY AWTOMATIKO NANG KINAKALTAS NG BANGKO PARA PAMBAYAD SA MGA UTANG NG KAPITOLYO. ITO AY NAGKAKAHALAGA BAWAT TAON NG P130M.

BANK	% OF IRA	AMOUNT (P)
PNB	53%	P 63 M / PER YEAR
DBP	40%	51M / PER YEAR
LBP	7%	16 M/ PER YEAR
TOTAL	100%	130 M /PER YEAR

SUPPLIERS, CONTRACTORS, LGU MOA

SUPPLIERS – MEDICAL SUPPLIES, FUEL, ETC.

CONTRACTORS – MGA GUMAWA NG ESKWELA, OSPITAL,

GYMS, ETC

LGU – MOA – ITO IYONG MGA KONTRATA NA MISMONG MGA MAYOR O LGU NA ANG GUMAWA O NANGONTRATA, SISINGILIN NA LANG NILA ANG BAYAD SA KONTRATA

CREDITOR	AMOUNT (P)	PAID AMOUNT (P)	% PAID
SUPPLIERS	95,781,985.24	67,689,217.84	71%
CONTRACTORS	161,486,352.22	101,201,049.59	63%
LGU MOA'S	18,643,248.51	15,508,839.01	83%
TOTAL	275,911,585.97	184,399,106.44	67%

NGAYON AY MASASABI NATING SA BAWAT TATLONG PISO (P 3.00) NA PAGKAKAUTANG NG NAKARAANG MGA ADMINISTRASYON DALAWANG PISO (P 2.00) NA ANG NABAYARAN NG AKING PANGASIWAAN O 2/3 (67%).

ANG TANONG: BAKIT DAW AKO PUMAYAG NA TAGA-BAYAD AKO NG UTANG NG NAKARAANG ADMINISTRASYON.

ANG AKING SAGOT: SA NGALAN NG KATARUNGAN. IN THE NAME OF FAIRNESS AND JUSTICE. NAKATAYO NA ANG MGA PAARALAN NA GINAWA NG MGA KONTRAKTOR, ANG MGA HOSPITAL, NAGAMIT NA ANG MGA GAMOT NA NA-DELIVER. NAMUHUNAN DIN NAMAN ANG MGA TAONG GUMAWA NITO AT MARAMI SA KANILA, HALOS ARAW –ARAW AY NAGPUPUNTA NOON DITO SA KAPITOLYO, MARAMI SA KANILA ANG UMIIYAK. NAGTATAGO NA RAW SILA SA MGA BANGKO NA PINAGKAUTANGAN DIN NILA NG PUHUNAN, IDEDEMANDA NA SILA O IREREMATA NA ANG KANILANG MGA ARI-ARIAN. MAYROON DING NILAYASAN NA NG ANAK DAHIL HINDI NA NAKAPAG-ARAL. I HAD TO BALANCE BETWEEN THE NEED OF PAYING THEM AND SACRIFICING SOME MONEY FOR MY OWN PROJECTS.

ANG AKING UNANG HAKBANG, PINA- VALIDATE KO SA AKING SARILING TEAM NG ENGINEER AT ASSISTANTS ANG MGA NASABING PROYEKTO. HINDI AKO MAGBABAYAD HANGGAT HINDI AKO KUNTENTO SA KANILANG MGA GINAWA. PANGALAWA, TINIYAK NAMIN NA LAHAT NG MGA KAILANGANG PAPELES AY MAYROON, LAHAT NG MGA DOKUMENTONG PINALAMPAS-LAMPAS LANG NOON AY MAYROON.

ANG PANGALAWANG HAKBANG, NAG-IPON AKO NG PERA NA MAARING IPAMBAYAD SA KANILA. KAYA INABOT NG HALOS ISANG TAON BAGO AKO NAKAPAG-UMPISANG MAGBAYAD SA KANILA. INUNA NAMIN ANG MGA MALILIIT, ANG MGA P100,000 PABABA. KUNG MAAYOS DIN LAMANG ANG KANILANG MGA PAGKAKAGAWA SA MGA PROYEKTO AT MAAYOS ANG MGA PAPELES, BINAYARAN NA NAMIN SILA NG KUMPLETO PARA MABAWASAN NA ANG MGA TAONG HALOS ARAW-ARAW AY NANGONGOLEKTA SA KAPITOLYO – NANGONGOLEKTA SA AKIN SA MGA BAGAY NA HINDI NAMAN AKO ANG UMUTANG SA KANILA. KALAHATING TAON MULI ANG LUMIPAS BAGO KAMI NAKAIPON AT NAKABAYAD MULI. NOONG DISYEMBRE ANG HULI KONG PAGBAYAD SA BAHAGI NG MGA NAIWAN PANG PAGKAKAUTANG. HINDI KO PA BAYAD LAHAT PERO MAS MARAMI NA ANG AMING NABAYARAN KAYSA SA NATIRA

CREDITOR	**% PAID**
SUPPLIERS	71%
CONTRACTORS	63%
LGU MOA'S	83%

NUMBER OF CREDITORS

TOTAL	207	
FULLY PAID	126	(61%)

MARAHIL HINDI AKO MAGKAKAMALI KUNG SASABIHIN KO SA INYO APO ISABELINO NA KUNG TITINGNAN NIYO ANG MGA ESKWELA, MGA DAAN AT IBA PANG PROYEKTO NA INUMPISAHANG GAWIN NOONG MGA HULING BUWAN NG DATING GOBERNADOR AY MALAMANG NA ADMINISTRASYON NI GOVERNOR GRACE ANG NAGBAYAD NIYAN SA KABUUANG HALAGA NA P111M.

NAPAKAHABA NG LISTAHAN. 107 NA PROJECTS LAHAT ITO. BAYAAN NIYONG KUMUHA NA LANG AKO NG SAMPLE NA BAYAN (ENUMERATE PROJECTS)

CABAGAN	P4.1M
ROXAS,	P4.2M
CAUAYAN	P21.6M
CORDON	P3.8M

KARAMIHAN SA MGA HINDI PA NABABAYARAN NG BUO AY ANG MGA KONTRAKTOR NA ANG SOURCE OF FUNDS NG KANILANG MGA PROYEKTO AY ANG MGA UTANG SA BANGKO. APO ISABELINO, NAPAKASALIMUOT NG MGA NAABUTAN KONG PAPELES AT ESTADO NG MGA PAGKAKAUTANG NA GINAWA NILA SA MGA BANGKO AT ITO ANG ISA SA MGA BAGAY NA NAGHAHARAP SA ATIN SA MARAMING KUMPLIKASYON.

GUSTO KONG MALAMAN NIYO NA NOONG UNA PA MAN NA NAKAPAGLAAN AKO NG PERA PARA MABAYARAN ANG MGA SUPPLIERS AT CONTRACTORS AY NAGPALAGAY NA AKO NG MGA *PABATID* NA IPINASKEL KO SA MGA IBAT IBANG TANGGAPAN DITO SA KAPITOLYO ….. NA HINDI KAILANGAN NG MGA KONTRAKTOR AT SUPPLIER NA MAKIUSAP SA KAHIT SINO MAN SA KAPITOLYO – SA OPISINA NG BUDGET, SA TREASURER, SA ACCOUNTANT O KAHIT SINO AT SAAN PA MAN SA KAPITOLYO UPANG LUMABAS ANG KANILANG MGA TSEKE. SA SANDALING MAGPASYA AKO NA SILA AY BAYARAN NAMIN NG ANUMANG MAKAKAYA NAMIN MULA SA AMING MGA IPONG PERA PARA SA KANILANG PROYEKTO, WALA NA SILANG DAPAT BAYARAN PANG IBA. HINDI NILA KAILANGANG MAGBIGAY NG ANUMANG PABOR O REGALO PARA MATIYAK NA LUMAKAD ANG KANILANG MGA PAPELES.

NAGLAGAY AKO NG BABALA NA SA SANDALING MALAMAN KO NA MAYROONG GAGAMIT NG KANILANG POSISYON DITO SA KAPITOLYO SA ANUMANG DAHILAN, SILA'Y MANANAGOT SA AKIN. KUNG SAKALI MAYROON MANG NAKAKALUSOT AT HINDI ITO ISINUSUMBONG SA AKIN, HINDI KO NA KASALANAN. NGUNIT INUULIT KO, ANG

PAGPAPASYA AY GALING SA AKIN. PAGPAPASYANG HINDI KINAKAILANGANG PALITAN NG ANUMANG PERA.

NOONG NAKARAANG LINGGO, ARAW NG MARTES AY INAANYAYAHAN AKO NG MGA OBISPO SA BUONG PILIPINAS NA MAGSALITA SA KANILANG HARAPAN TUNGKOL SA USAPIN NG *ELECTORAL PROCESSES AS A TOOL FOR SOCIAL TRANSFORMATION.* ISANG BAHAGI NG AKING TALUMPATI SA HARAP NG CBCP O CATHOLIC BISHOPS CONFERENCE OF THE PHILIPPINES ANG GUSTO KONG IBAHAGI SA INYO.

YOUR EXCELLENCIES, I THINK MY PRESENTATION TO YOU OF THE ISABELA EXPERIENCE ON ELECTORAL PROCESSES AS A TOOL FOR SOCIAL TRANSFORMATION WILL NOT BE COMPLETE IF I WILL NOT SAY THAT THE GREATER CHANCE, THE BIGGER AVENUES FOR SOCIAL TRANSFORMATION DID NOT COME WITH THE ELECTIONS BUT WITH THE RESULT OF THE ELECTIONS IN OUR PROVINCE. MANY MORE CHANGES BECAME POSSIBLE WHEN THE ACTUAL GOVERNING BEGAN. AND ONCE AGAIN I, MYSELF, WAS TRANSFORMED AND CONTINUE TO BE TRANSFORMED. FOR EXAMPLE, AS A BROADCASTER WHO WAS BEFORE REPORTING ON THE PEOPLE IN POWER, I HAD A NEGATIVE PERCEPTION OF POWER. BECAUSE OF THE WAY THAT THEY USED IT. I DEVELOPED THE PERCEPTION THAT POWER HAD A BAD RING TO IT. AFTER TWO AND A HALF YEARS AS GOVERNOR, I REALIZED THAT POWER CAN BE A GOOD THING , IF YOU USE IT FOR THE RIGHT REASONS AND THE RIGHT WAYS. AS THE DAYS WENT ON, IT HAS ENABLED ME TO DO MANY OF THE THINGS THAT , ORDINARY CITIZENS LIKE I ONCE WAS , WOULD HAVE THOUGHT VERY DIFFICULT OR ALMOST IMPOSSIBLE TO HAPPEN .

I THINK IT IS ALSO A PART OF SOCIAL TRANSFORMATION WHEN CONTRACTORS AND SUPPLIERS IN THE PROVINCE OF ISABELA HAVE NOW THE NOVEL EXPERIENCE OF DEALING WITH A GOVERNOR WHO HAS NEVER ASKED FOR EVEN A SINGLE CENT WITH REGARD TO OUR TRANSACTIONS, WHO HAS NEVER IMPOSED ANYTHING TO DERAIL THE PROPER CONDUCT OF THE PROCEEDINGS OF THE BIDS AND AWARDS COMMITTEE. I THINK IN A WAY, WE ALSO HAVE TRANSFORMED THOSE BUSINESSMEN WHEN THEY HAVE STARTED ASKING FROM MY ASSISTANTS IF ITS OK IF THEY GIVE GOVERNOR A GIFT ON HER BIRTHDAY OR CHRISTMAS LIKE A BOTTLE OF PERFUME OR A BLOUSE OR DURING UGNAYANG BAYAN DAYS, PANSIT OR PIZZA BECAUSE THEY SEE HOW TIRED SHE BECOMES THE WHOLE DAY. IN MY DAILY RADIO PROGRAM, I REPORT TO OUR PEOPLE THESE GIFTS THAT I RECEIVED. WALA PONG KOTSE, WALANG PERA. ALAM NA RIN NILA NA PUEDE SILANG DUMIRETSO SA AKIN NA WALANG PADRINO BECAUSE KUNG MAY PADRINO, THE MORE THAT I WILL IGNORE THEM.

FINANCES

SA NAKALIPAS NA DALAWA AT KALAHATING TAON, ANG MGA KOLEKSYON NA NAGMUMULA SA MGA BAYARING BUWIS NG LUPA AT IBA PANG MGA BAYARIN AY NAGKAROON NG MALAKI AT KAPUNA-PUNANG PAGTAAS TULAD NG MGA SUMUSUNOD

: 2004 - 21,359,768.65

2005 - 58,701,809.50 TUMAAS NG 37,342,040.85

2006 - 69,275,523.66 TUMAAS NG 10,573,714.16

NOONG 2005, ANG MGA HINDI PA NABABAYARANG BUWIS AY NABIGYAN NG AMNESTIYA MULA SA MGA MULTA AT INTERES SA DI NABAYARANG BUWIS NG LUPA AT REAL PROP, AYON NA RIN SA SANGGUNIANG PANLALAWIGA,. DAHIL DITO TUMAAS ANG ATING KOLEKSYON NOONG TAONG YAON.

NOONG NAKALIPAS NA TAONG 2006, ANG ATING KOLEKSYON NG RPT AY BUMABA DAHIL SA DI PAG IINTREGA NG ILANG BAYAN NG TATLUMPUT LIMANG PORSIENTONG BAHAGI NG LALAWIGAN.

HANDA AKO NOON NA MAGHANDA NG MAGSAMPA NG KASO LABAN SA MGA MAYOR NG MGA NASABING BAYAN DAHIL WALA SA KANILANG KAPANGYARIHAN NA I-WITHOLD ANG KANILANG NAKOLEKTA NA BAHAGI NG KAPITOLYO SA *REAL PROPERTY TAXES*.

GUSTO KONG ISIPING ALAM NILANG HINDI AKO MANGINGIMING KASUHAN SILA KUNG KAYA'T NABIGYANG DAAN ANG KANILANG PAKIKIPAGKASUNDO SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG ISABELA, KUNG SAAN ANG KANILANG MGA MUNICIPAL TREASURERS AY LUMAGDA SA ISANG *COMMITMENT* KUNG SAAN AY KANILANG IINTREGA ANG KANILANG MGA NASISINGIL NA BAHAGI NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA MGA REAL PROPERTY TAXES SA KANILANG MGA BAYAN.

MAGMULA NOON AY NAKAPAG-REMIT NA RIN KAHIT PAANO ANG MGA NASABING BAYAN. HALIMBAWA

MUNICIPALITY	SEF	RPT
ANGADANAN	P 333,000.00	P 96,000.00
CORDON	400,000.00	----
NAGUILIAN	97,000.00	91,000.00
SAN ISIDRO	51,000.00	---
QUEZON	100,000.00	50,000.00

KAHIT PAANO AY NAGPAPASALAMAT AKO SA MGA REMITTANCES NA ITO NG MGA NASABING BAYAN, SUBALIT MALINAW NA KAKAUNTI PA LAMANG ANG MGA ITO KUNG

IISIPIN ANG KANILANG MGA BALANSE. IPAGPAPATULOY NAMIN ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KANILA SA MAAYOS NA PAG-UUSAP AT SANA, SA KAPAKANAN NG KANILANG MGA SARILING MAMAMAYAN, LALO NA NG MGA PSB TEACHERS NA NAKA-ASSIGN SA KANILANG MGA BAYAN AT ANG MGA BARANGAY KAPITAN NA HUMIHINGI SA AKIN NG MGA PROJECTS, AY DAPAT GAWIN NILA NANG MAS MASIGASIG ANG KANILANG OBLIGASYON. IBANG ISTORYA ANG BAYAN NG ALICIA. NI SENTIMO AY WALA PANG NIRE-REMIT SA AMIN KAMAKAILAN ANG PAMUNUAN NI MAYOR POL DY. KAWAWA NAMAN ANG MGA MAMAMAYAN DOON DAHIL MAPA-IRIGASYON, O REAL PROPERTY TAX PARA SILANG INILALAGAY NG KANILANG MGA PINUNO SA KANILANG SARILING MUNDO NA MAY SARILI SILANG BATAS.

MAY MGA IBANG BAYAN NA HINDI MAN KASALI SA GRUPO NG MGA MAYOR NA HINDI REGULAR NA NAGRE-REMIT PERO NGAYON AY NAGIGING DELINGKWENTE NA RIN, SANA HUWAG NILANG UMPISAHAN ANG ISANG PROBLEMA BAKA MAKAKAPAGHAMAK SA HINAHARAP SA KANILANG MGA TAUMBAYAN.

SA ISA NAMANG MAGANDANG DEVELOPMENT TUNGKOL SA ATING MGA PONDO SA KAPITOLYO, NAGKAROON KAMI NG COLLECTION NA LABING ISANG MILYONG PISO . ITO ANG P11M MULA SA ISELCO 1 AT ISELCO 2 SA FRANCHISE TAX. ITO AY DAHIL NA RIN SA NABUONG MEMORANDUM OF AGREEMENT SA SA PAGITAN NILA AT NG INYONG LINGKOD SA KUNG PAANO NILA MABAYARAN ANG KANILANG MGA ARREARS SA FRANCHISE TAX . SINASAKLAWAN LAMANG NG MOA ANG PRINCIPAL TAX . ANG MGA PENALTIES AT SURCHARGES AY PANSAMANTALA MUNANG ISINANTABI AT ITO'Y MASUSING PAG-UUKULAN NG PANSIN SA DARATING NA MGA PANAHON.

FRANCHISE TAX **– ISELCO I AT II**

ISELCO 1 P24.6M

BILANG BUNGA NG MOA, KAAGAD NAGBAYAD ANG ISELCO 1 NG P4M. ANG BALANSENG P20M AY BABARAYAN NILA SA LOOB NG ISANG TAON. KAAGAD NAMAN NATING BINAYARAN ANG WINITHOLD NATING ELECTRIC BILL NATIN NA SA KANILA NA P3.5M. KABILANG DITO ANG ELECTRIC CONSUMPTION SA DISTRICT HOSPITALS NG ECHAGUE AT CAUAYAN.

ISELCO II P12.8M

ANG KASUNDUAN NAMAN SA SAISELCO II PARA MAKABAYAD SILA SA ATIN NG KANILANG ARREARS SA FRANCHISE TAX AY ANG PAGSINGIL NA LAMANG NILA SA

KALAHATI NG BUWANANG ELECTRIC BILL NATIN (SAKOP CAPITOL BUILDING, PROVINCIAL HOSPITAL, CABAGAN HOSPITAL).

ANG MGA NABAYARANG UTANG AY ANG MGA SUMUSUNOD:

PETSA NG KABAYARAN	**ELECTRIC BILL NA BINAYARAN NG PGI**	**FRANCHISE TAX NA BINAYARAN NG ISELCO II**
11-24-05	P 5,932,534.68	P 2,966,267.34
02-16-06	2,006,044.80	1,003,022.40
05-22-06	2,982,129.88	1,491,064.94
07-21-06	2,995,436.66	1,497,718.33
10-13-06	1,661,113.10	830,556.55
Total	P15,577,259.12	P7,788,629.56

KAMAKAILAN, MAY SULAT ANG ISELCO I AT ISELCO 2 SA AMIN NA MAYROON UMANONG BAGONG RULING ANG BUREAU OF LOCAL GOVERNMENT FINANCE NA ANG EPEKTO AY MAS MABABA SANA ANG BINAYARAN NILA SA KAPITOLYO, AT NASOBRAHAN NA RAW NILA ANG PAGBABAYAD SA ATIN. ITO AY ISANG BAGAY NA KASALUKUYANG PINAG-AARALAN NG ATING PROVINCIAL LEGAL OFFICE.

SAVINGS

DAHIL SA MAINGAT NA PAGHAWAK SA PONDO NG PAMAHALAAN AY NAGKAROON NG *SAVINGS* O IPON NA P114 MILYON ANG KAPITOLYO, ISANG HALAGA NA HALOS PAG-INITAN O PAG-INTERESAN NG MARAMING TAO.

GINAWA PA NILA ITONG DAHILAN PARA AKO AY MABATIKOS. BAKIT DAW HINDI NAGAGAMIT ANG SAVINGS NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN. NGUNIT DAHIL ALAM KO NA DAPAT AY MAGAMIT SA PINAKAMABUTI AT PINAKAMAINGAT NA PARAAN ANG PERA NG LALAWIGAN, SINADYA KONG TINGNANG MABUTI KUNG SAAN ITO ILALAGAY. ANONG MGA PROYEKTO, ANO ANG UUNAHIN, SAAN MAPUPUNTA ANG PERA. MAMAYA AY IISA-ISAHIN KO NA ANG MGA ITO SA INYO.

DAHIL RIN SA MAINGAT NA PANGANGALAGA SA PERA NG LALAWIGAN, MARAMI MAN ANG DUMATING NA KALAMIDAD, MGA BAGYO AY KAAGAD KAMING NAKATUGON SA PANGANGAILANGAN NG ATING MGA NABIKTIMANG KABABAYAN.

YEAR	AMOUNT (P) SPENT FOR RELIEF OPERATIONS
2004	P 928,000
2005	1.4 M
2006	1.3M

BUKOD PA RITO AY NAKAPAGBIGAY ANG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA LAHAT NG MGA BAYAN SA PAMAMAGITAN NG MGA MAYOR NG P200,000 BAWAT ISA NOONG MARSO 2006. ANG KABUOANG HALAGA NA NAIBIGAY SA LAHAT NG 36 NA MAYOR AY P7.2 MILLION. ITO AY BILANG TULONG SA LAHAT NG BAYAN DAHIL SA TINAMO NATING MGA PINSALA SA MGA PAG-ULAN AT PAGBAHA NOONG UNANG BAHAGI NG TAONG 2006. KAPAG MAY MGA KALAMIDAD, LAGING NAGPAPASAKLOLO SA KAPITOLYO ANG IBA'T IBANG BAYAN AT MAYROON KAMING NAIBIBIGAY DAHIL HINDI NAUUBOS O NADA-DIVERT SA IBA ANG AMING 5%CALAMITY RESERVE.

AID TO BARANGAYS

DAHIL RIN SA SAPAT NA PERA AY NAIBIGAY SA ILALIM NG AKING PAMUNUAN ANG MGA BAGAY NA DATI AY HINDI NATATANGGAP NG MGA UMAASA. KATULAD NG P1,000 TULONG NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN SA BAWAT BARANGAY O ANG TINATAWAG NA *AID TO BARANGAYS*.

TAONG 2006, BILANG BUNGA NG AKING PAKIKIPAGPULONG SA ATING MGA KAPITAN SA KANILANG PAMBANSANG CONVENTION SA SUBIC AY PINAGKALOOB KO ANG NASABING TULONG AT ITO AY NAGKAKAHALAGA NG P1,018,000 O ISANG P1,000 SA BAWAT 1,018 BARANGAYS NG BUONG LALAWIGAN NG ISABELA.

HINILING KO SA MGA LIGA NG MGA BARANGAY OFFICIALS NA IULAT SA AKIN KUNG SAAN NILA GINAMIT ANG PERA. AT SA KANILANG ULAT AY MAY NAGSABING NAIPAAYOS NA NILA ANG KANILANG MGA LMB OFFICES, ANG MGA IBA AY BUMILI NG MGA OFFICE EQUIPMENT O COMPUTER.

VICE GOVERNOR AND SP

MAGING SI BISE GOBERNADOR RAMON REYES AT MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NG ISABELA AY NAKAKATUGON RIN SA MGA APO ISABELINO NA HUMIHINGI NG TULONG MEDICAL, PANG-ESKWELA O TUITION FEES, O MGA PROYEKTO SA BARANGAY SAPAGKAT ANG ILAN SA MGA PONDONG NAKALAAN SA AKING OPISINA AY IBINIHAGI KO SA KANILA UPANG SILA RIN AY MAKATUGON SA INYONG MGA PANGANGAILANGAN, APO ISABELINO. HINDI ITO NANGYARI SA AKING PINALITANG PANGASIWAAN NA ANG BISE GOBERNADOR AT ANG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN AY BINAHAGINAN NG GOBERNADOR NG PONDO MULA SA KANIYANG TANGGAPAN. PARA SA TAONG 2005 AT 2006 AY HINDI BUMABA SA ISANG MILYONG PISO BAWAT TAON ANG ALOKASYON NG SAMPUNG REGULAR BOARD MEMBERS AT KALAHATING MILYONG PISO BAWAT TAON SA DALAWANG EX OFFICIO MEMBERS. HINDI NAMAN BUMABA SA LIMANG MILYONG PISO BAWAT TAON KAY VICE GOVERNOR RAMON REYES. ITO ANG GINAGAMIT NILA SA PAGTUGON SA MGA APO ISABELINO RIN NA LUMALAPIT SA KANILA. PONDO NA MAARING AKO LAMANG SANA ANG GUMAMIT NGUNIT INILAAN KO SA KANILA PARA AKING MAABOT ANG MAS MARAMING APO ISABELINO SA PAMAMAGITAN NILA.

ANG SAPAT NA PONDO RIN NG ATING KAPITOLYO NGAYON ANG PANGUNAHING DAHILAN KAYA NAKAPAGBIGAY KAMI NG KARAGDAGANG BENEPISYO SA BAWAT KAWANI NG LALAWIGAN. BUKOD SA NAIBIBIGAY SA KANILA ANG MANDATED BENEFITS NA 13TH MONTH PAY AT P5,000 CHRISTMAS GIFT AY NABIGYAN PA SILA NOONG

2005 EXTRA BONUS NA P10,000 AT
2006 ANG EXTRA BONUS AY P15,000

HINDI LAMANG ANG MGA REGULAR EMPLOYEES ANG NABIYAYAAN KUNG HINDI PATI NA RIN ANG MGA CONTRACTUALS. ISANG MALAKING BAGAY NA INAAMIN NILA NA NGAYON LANG NANGYARI AT GANITO KALAKI . SA AMING NATIPID LAHAT AY NAKINABANG AT HINDI LANG ANG PILING ILAN. PARA SA TAONG 2005 AT 2006 AY NAGAWA RIN NAMING IPATUPAD ANG KARAGDAGANG 1,000 PARA SA ADDITIONAL COMPENSATION ALLOWANCE (ACA) NG MGA KAWANI NG KAPITOLYO.

SIMPLE LANG NAMAN ANG HINIHINGI NAMING KAPALIT SA MGA KAWANI NG KAPITOLYO SA MGA BIYAYANG ITO SA KANILA – NA MAKIPAGTULUNGAN SILA SA MGA PAGBABAGONG IPINAPATUPAD NAMIN PARA LALONG MAPABUTI ANG TAKBO NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN. ANG MGA HAKBANG NAMING ITO AY ANG PAGTITIYAK NA WALANG NABIBILING KAGAMITAN NA HINDI KAILANGAN O HINDI TAMA ANG PRESYO.

SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA IBANG PINUNO NG BAWAT DEPARTAMENTO, NABAGO ANG SISTEMA NG TRABAHO AT KULTURA NG MGA KAWANI NG KAPITOLYO. MAS NAGING MASIGASIG AT MASINOP SILA SA KANIKANILANG TRABAHO DAHIL SA HALIMBAWA RIN NA PINAPAKITA NG MGA NAMUMUNO. LEADERSHIP BY EXAMPLE . IPINATUPAD NANG MAHIGPITAN ANG PAGTITIPID AT WASTONG PAGGAMIT NG TUBIG, KURYENTE AT MGA GAMIT PANG-OPISINA. TINITINGNANG MABUTI ANG MGA PANGONGOLECKTA NG PER DIEMS O TRAVELING ALLOWANCE. ITO ANG NAGING KULTURA NG PAGBABAGO NA SA UNA AY SINALUBONG NG DI MAAYOS NGUNIT SA BANDING HULI NAKITA RIN ANG KAHALAGAHAN.

PROVINCIAL SCHOOL BOARD TEACHERS

ISANG TEXT MESSAGE ANG AKING NATANGGAP NOONG AKO'Y NANGANGAMPANYA PA LAMANG SA PAGKA-GOBERNADOR NOONG TAONG 2004. ITO AY GALING SA ISANG PSB TEACHER NA NAGTATANONG KUNG AKO DAW BA AY MANALO AY PANANATILIHIN KO BA ANG MGA PSB TEACHERS NA BABAYARAN NG KAPITOLYO. MAYROON DING NAGTANONG TUNGKOL SA ITUTULOY KO DAW BA ANG SCHOLARSHIP PROGRAM NG PROVINCIAL GOVERNMENT NOON.

AT ANG NAGING SAGOT KO AY – KUNG MAKIKITA KO NA ITO ANG PINAKAMAGANDANG DAPAT GAWIN, HINDI KO LAMANG ITUTULOY KUNDI ITO AY PAGBUBUTIHIN KO PA.

I WILL NOT ONLY CONTINUE IT, BUT WILL ALSO IMPROVE ON IT.

AT IYAN ANG AKING ISINASAKATUPARAN NGAYON. HINDI IBIG SABIHIN NA DAHIL INUMPISAHAN ANG PROYEKTO NG NAKARAANG ADMINISTRASYON AY MINSANAN KO NA ITONG BABALEWALAIN.

DAHIL SA MAAYOS NA KALAGAYAN NG PANANALAPI NG ATING LALAWIGAN AY NAPAGKALOOBAN RIN NG MGA BENEPISYO AT INSINTIBO ANG MGA PROVINCIAL SCHOOL BOARD O PSB TEACHERS . SILA NA NAGTUTURO SA MGA ESTUDYANTENG ANAK NG MGA APO ISABELINO. HINDI ANG DEPARTMENT OF EDUCATION ANG NAGPAPASAHOD SA KANILA KUNDI ANG PONDO NA GALING DITO SA KAPITOLYO. P5000 ANG BAYAD NATIN SA KANILA SA BAWAT BUWAN . SA NAKALIPAS NA MGA TAON NG AKING PANUNUNGKULAN, GANITO ANG MGA IBINAYAD NG KAPITOLYO PARA SA LAHAT NG MGA GURONG PSB SA ISABELA

YEAR	AMOUNT (P) SPENT FOR PSBS
2004	P 26 M
2005	16 M
2006	15M

KUNG TUTUUSIN, NAPAKALIIT NG P5,000 NA MATATANGGAP NA SAHOD NG MGA GURONG SIYANG MAY HAWAK SA EDUKASYON NG MGA ANAK NG MGA APO ISABELINO.

NAABUTAN KO PA ANG ISANG SITWASYON KUNG SAAN, KUNG WALANG PASOK DAHIL MAY BAGYO O KUNG WALANG PASOK DAHIL PISTA OPISYAL, MABABAWASAN PA ANG P5,000 NA IYON NA NATATANGGAP NG ATING MGA PSB TEACHERS. NAGPASALIKSIK AKO KUNG ANO ANG PUEDE KONG GAWIN PARA MATULUNGAN PA SILA AT NAPAHINTULUTAN AKONG IBIGAY SA ATING PSB TEACHERS ANG BIYAYANG MATANGGAP NILA NG BUO ANG KANILANG P5,000 BAWAT BUWAN, KAHIT MAY PISTA OPISYAL O KAHIT MAY MGA ARAW NA WALANG PASOK NA HINDI SILA PAPASAOK SA PAARALAN.

SA NAKARAANG DALAWANG TAON, 2005 AT 2006, NABIGYAN RIN ANG MGA PSB TEACHERS NG BONUS NA HINDI NILA DATING TINATAMASA . ANG CASH GIFT NA ITO AY KATUMBAS NG ISANG BUWANG SAHOD 0 P5000 NA IPINAGKALOOB SA KANILA.

PROVINCIAL SCHOLARS

TUNGKOL NAMAN SA MGA KABATAANG ISABELINO NA PROVINCIAL GOVERNMENT SCHOLARS, MAPAPANSING SA LOOB NG NAKALIPAS NA DALAWA AT KALAHATING TAON NG AKING PANUNUNGKULAN AY DUMAMI NANG DUMAMI ANG MGA SCHOLARS NA NABIBIYAYAAN NG TULONG NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN.

YEAR	NO. OF SCHOLARS
2004	294
2005	384
2006	514

ITO AY DAHIL MAS IKINALAT NAMIN ANG IMPORMASYON SA BUONG LALAWIGAN PARA MAS MARAMI ANG MAKINABANG. GINAMIT KO ANG AKING ARAW ARAW NA PROGRAMA SA RADYO PARA MAS MARAMI ANG MAKAALAM TUNGKOL SA ATING SCHOLARSHIP PROGRAM NA ATING PINOPONDOHAN NG P8M BAWAT TAON. ITO AY PARA

SA MGA HONOR GRADUATES – VALEDICTORIAN, SALUTATORIAN, 1ST HONOURABLE MENTION NA TINUTULUNGAN NATIN SA KANILANG MATRIKULA, BOOK ALLOWANCES AT MISCELLANEOUS FEES.

SA NGAYON, MAYROON TAYONG 121 ISABELINO SCHOLARS NA NAG-AARAL SA UP – MAYROON SA DILIMAN, SA MANILA, BAGUIO AT LOS BANOS.

SCHOOL	**NO. OF STUDENTS**
UNIVERISTY OF THE PHILIPPINES (DIFFERENT CAMPUSES)	121
ISABELA STATE UNIVERSITIES	306
PHIL. NORMAL UNIVERISTY (ALICIA)	55
OTHER SCHOOLS	32

MULA SA 514 SCHOLARS,

LEVEL	**NO. OF STUDENTS**
5TH YEAR	7
4TH YEAR	88
3RD YEAR	68
2ND YEAR	131
1ST YEAR	220

MARAMI SA MGA KURSONG KINUKUHA NILA AY

BUSINESS ADMINISTRATION

EDUCATION

INFORMATION TECHNOLOGY

NURSING

BIOLOGY

SILA ANG ATING IHANDA PARA MAGING SUSUNOD NA MGA PINUNO NG ATING LALAWIGAN.KUNG SILA RIN LANG AY MAY KATANGIAN AT KAKAYAHAN, KAHIT HINDI SIKAT ANG KANILANG PANGALAN, KAHIT HINDI MAKAPANGYARIHAN ANG KANILANG MGA PAMILYA, *LET US OPEN THE PLAYING FIELD TO EVERYONE, ESPECIALLY THE YOUTH.*

SA MGA KABATAANG ISABELINO NA INANYAYAHAN KO NGAYON NA MGA KASAPI NG MGA STUDENT COUNCILS NG KANILANG MGA PAARALAN, NAIS KONG NGAYON PA LAMANG AY MALAMAN NYO NA KUNG ANO ANG ILAN SA MGA PINAKAMAHALAGANG BAGAY NA NANGYAYARI SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG

ISABELA. NGAYON PA LAMANG AY MAGMALASAKIT NA KAYO SA ATING LALAWIGAN DAHIL KAYO ANG DAPAT NA SUMUNOD SA AMIN.

DAPAT AY MAIBIGAY SA LAHAT NG MAY KAKAYAHAN AT MABUBUTING HANGARIN ANG PAGKAKATAON NG LIDERATO NG ATING LALAWIGANG ISABELA.

NARITO AKO NGAYON BILANG INYONG GOBERNADOR DAHIL SA AKING NAGING LAYUNIN NA GAWIN ANG ISABELA NA PARA SA LAHAT, HINDI PARA SA IILAN LAMANG. SANA AY MAGING HANDA KAYO NA PAMUNUAN ANG ATING LALAWIGAN KAPAG DUMATING NA ANG INYONG PANAHON.

NGAYON PA LAMANG AY ALAMIN NYO NA ANG MGA PINAKAMAHALAGANG BAGAY SA LALAWIGAN. HINDI KAPAG KAYO AY NATAPOS NA, HINDI KAPAG KAYO AY MAYROON NG TRABAHO, HINDI KAPAG KAYO AY MASYADO NA NAMANG DISMAYADO SA MGA NANGYAYARI.

AS EARLY AS NOW, YOU SHOULD KNOW AND BE CONCERNED ABOUT YOUR PROVINCE – ISABELA.

MARAMING SALAMAT SA MGA GURO, SA MGA PINUNO NG MGA PAARALAN NA SIYANG GUMAGABAY SA ATING MGA KABATAANG ISABELINO. SANA KUNG ANO MAN ANG NARIRINIG NILA SA INYO NA KANILANG MGA GURO TUNGKOL SA KUNG PAANO DAPAT GINAGAWA ANG MGA BAGAY-BAGAY AY MAKITA NGA NILANG NAGAGANAP SA MUNDO NA KANILANG GINAGALAWAN.

RORO PROJECT

DALAWANG LINGGO PA LAMANG ANG NAKAKARAAN AY PUMIRMA AKO NG TSEKE NA NAGKAKAHALAGA NG 6,000 DOLLARS.

IN MY CAPACITY AS THE TREASURER OF A CORPORATION FORMED BY THE PROVINCES OF CAGAYAN, ISABELA, AURORA AND THE CAGAYAN EXPORT ZONE

AUTHORITY TO GO ON WITH THE RORO PROJECT THAT WAS STARTED BY THE FORMER GOVERNOR.

ANG PERA AY PARA SA INSPECTION NG ISANG BARKO SA MEXICO UPANG SA LALONG MADALING PANAHON AY MAITULOY NA ANG PROYEKTO. ITO AY NANGANIB NA HINDI MATULOY NOONG NAG-WITHDRAW ANG LALAWIGAN NG QUEZON. SUBALIT AKO MISMO ANG NAGSABI KAY PANGULONG ARROYO TUNGKOL SA PAGKUKULANG NA ITO. AT NOONG KAMI AY NAGPUNTA SA DINAPIGUE NOONG PEBRERO NG NAKARAANG TAON AY KANYANG TINUGUNAN ANG AKING SINABI AT KAAGAD INATASAN NIYA ANG *CEZA* UPANG SILA ANG UMAKO SA TUNGKULIN O PAPEL NA DATI AY SA LALAWIGAN NG QUEZON.

ANG RORO PROJECT AY NAGLALAYONG LALONG PALAPITIN ANG ATING MGA COASTAL TOWNS NG MACONACON, PALANAN, DIVILACAN AT DINAPIGUE, HINDI LAMANG SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA KUNG HINDI SA IBA PANG BAHAGI NG LUZON.

LALAWAK NA ANG MUNDO PARA SA ATING MAMAMAYANG ISABELINO. NOONG SETYEMBRE NG TAONG 2006, SA KAUNA-UNAHANG PAGKAKATAON AY NAITATAG RIN ANG ATING PORMAL AT MAS MALALIM NA PAKIKIBAGKAIBIGAN SA IBANG BAHAGI NG MUNDO, ANG ESTADO NG ESTADO NG HAWAII SA ESTADOS UNIDOS KUNG SAAN AY NANINIRAHAN AT NAGTATRABAHO ANG MARAMING TUBONG ISABELINO. SA MISMONG TANGGAPAN NG PHILIPPINE CONSULATE SA HONOLULU AY NILAGDAAN NAMIN NI GOVERNOR LINDA HAWAII-ISABELA STATE PROVINCE SISTER RELATIONSHIP NA NAGLALAYONG PAIGTINGIN ANG ATING PAGTUTULUNGAN SA LARANGAN NG AGRIKULTURA, EDUKASYON AT EMPLOYMENT, LALO NA SA MGA GRADUATES NG NURSING MULA ISABELA, TRADE AND TOURISM AT MARAMI PANG IBA. NAPAKAGANDANG NATUPAD ITO SA PAGDIRIWANG NATIN NOONG NAGDAANG TAON NG IKA-150TH FOUNDING ANNIVERSARY NG ATING LALAWIGANG ISABELA.

HAWAII-ISABELA STATE-PROVINCE SISTER RELATIONSHIP

NAGING MATAGUMPAY ANG ATING MGA PAGSISIKAP NA BUOIN ANG ISANG PORMAL NA PAKIKIPAGKAIBIGAN SA ESTADO NG HAWAII KUNG SAAN AY MAYROON TAYONG MARAMING KABABAYAN. ITO AY NOONG PIRMAHAN NAMIN NI HAWAII GOV. LINDA LINGLE ANG HAWAII-ISABELA STATE-PROVINCE SISTER RELATIONSHIP.

ANG ILAN SA AMING MGA PANGUNAHING LAYUNIN AY MAKATULONG SA ATING MGA MAG-AARAL SA PAMAMAGITAN NG MGA EXCHANGE PROGRAMS, PATI NA RIN SA ATING MGA MAGSASAKA NA MAAARING MATUTO SA MGA MODERNONG MAGSASAKA SA HAWAII AT LALONG-LALO NA SA MGA ESTUDYANTE AT GRADUATES NG NURSING SA ATING LALAWIGAN UPANG MAGKAROON NG TUWIRANG O *DIRECT LINK* SA MGA PAGAMUTAN SA HAWAII, SA AMERIKA.

OTHER PROGRAMS/PLANS/ CONCERNS

APO ISABELINO, GUSTO KO RING MAG-ULAT SA INYO TUNGKOL SA AMING BINUONG ANTI-ILLEGAL LOGGING TASK FORCE DITO SA LALAWIGAN NG ISABELA KUNG SAAN NAKASAMA NAMIN SA MGA PAGTALAKAY AT PAGHAHANDA NOON SINA BISHOP SERGIO UTLEG, FR JOHN COUVREUR, ANG 5TH INFANTRY DIVISION NG PHILIPPINE ARMY AT ANG DENR. SA TOTOO LANG, DENR NAMAN ANG MAY TRABAHO SA PAGHABOL SA MGA ILLEGAL LOGGERS O TIMBER POACHERS PERO DAHIL SA KULANG DAW SILA SA PONDO , SA KAGAMITAN AT SA MGA TAUHAN, BUMUO KAMI NG AMING SARILING PANGKAT DITO SA KAPITOLYO PARA MAS MAKAHABOL AT SUMERYOSO SA MGA LUMALABAG SA BATAS.

NAGTALAGA KAMI NG AMING MGA TAUHAN SA MGA PILING LUGAR SA BENITO SOLIVEN, SAN MARIANO AT ILAGAN. MARAMING MGA KABABAYAN NATING APO ISABELINO ANG NAG-TEXT AT NAGREPORT SA AMIN NG MGA TULOY-TULOY NA PAGLABAS NG MGA KAHOY. GINAMIT NAMIN ANG AMING SARILING PERA SA KAPITOLYO, MGA SASAKYAN AT MGA TAUHAN PARA SA KAMPANYANG ITO. BILANG BUNGA NG AMING MGA PAGKILOS, NANGUNA KAMI SA PAGKAKUMPISKA NG HUMIGIT KUMULANG 159,386.42 BD.FT. NG IBA'T-IBANG URI NG KAHOY (NARRA AT MGA HARDWOOD SPECIES)

ANG MGA NAKUKUMPISKANG KAHOY AY KAILANGAN PA RING I-TURN OVER SA DENR KAHIT NA KARAMIHAN DITO AY RESULTA NG PAGKILOS NG AMING CAPITOL TASK FORCE. KAYA HUMILING KAMI KAY DENR SEC ANGELO REYES PARA PAYAGAN NIYA KAMING IBENTA ANG MGA NAKUMPISKANG KAHOY PARA ANG PAGBENTAHAN AY GAMITIN NAMIN PARA MATUSTUSAN ANG MGA GASTUSIN NG AMING TASK FORCE. ANG RESULTA AY IDINONATE NG DENR ANG MGA NAKUMPISKANG KAHOY SA ISABELA SA KONDISYONG ILAN SA MGA ITO AY IBIBIGAY RIN SA DENR AT SA DEP ED

216 CUBIC METERS
116 ISABELA PROVINCE

40 DENR ISABELA

40 DEP-ED ISABEA

20 GREENPILIPPINES HIGHWAY

ANG 40 CU M NA AY MAPUPUNTA SA MGA KAILANGAN NG DEPARTMENT OF EDUCATION DITO SA ISABELA PERO AKO BILANG GOBERNADOR ANG TUTUKOY KUNG SA ALING PROYEKTO MAPUNTA.

NAKATAKDA NA NAMING ISUBASTA ANG MGA NAKUMPISKANG KAHOY NA ITO. SANA PO AY MAUNAWAAN NG LAHAT NG HUMIHINGI SA MGA ITO NA HINDI NAMIN MAARING I-DONATE ANG MGA ITO. ISUSUBASTA NAMIN SILA PARA MAY GAGASTUSIN KAMING PERA PARA SA PATULOY NA SERYOSO AT WALANG SINI-SINO NAMING KAMPANYA PARA MABIGYAN NG LEKSYON ANG MGA SUMISIRA SA ATING MGA KAGUBATAN. NAGPAPASALAMAT AKO SA MALAWAK NA PANG-UNAWA NG MGA GUSTONG BUMILI SA MGA KAHOY NA NAGSABING HANDA SILANG LUMAHOK SA AMING NAKATAKDANG AUCTION.

AFP/PROGRESSIVES

NAGPAPASALAMAT AKO DAHIL MAYROON AKONG MAGANDANG COMMUNICATION SA ATING MGA OPISYAL AT SUNDALO NG 5TH INFANTRY DIVISION NG PHILIPPINE ARMY, HINDI LAMANG SA MGA COMMANDING GENERALS KUNG HINDI PATI NA RIN SA MGA BRIGADE COMMANDERS AT IBA PANG PANG NASA BABA NILA. KAYA NAGKAROON KAMI NG PAGTUTULUNGAN SA ILANG BAHAGI NG KAMPANYA LABAN SA ILLEGAL LOGGING. HINDI RIN NAGING MAHIRAP ANG AKING PAKIKIPAG-USAP SA KANILA SA MGA PAGKAKATAONG MAYROONG MGA NAIS KONG LINAWIN AT MGA NAGING SULIRANIN SA ATING LALAWIGAN, KATULAD NOONG MAPATAY ANG MGA KASAPI NG MGA PROGRESIBONG GRUPO KATULAD NI MANANG BABY MENDIOLA AT NI MADONNA CASTILLO. NAGKAROON KAMI NG PAG-UUSAP KASAMA SINA BISHOP UTLEG UPANG MALINAWAN ANG MGA BAGAY BAGAY AT MATANONG NANG TUWIRAN ANG ATING MGA SUNDALO. ANG MGA PAG-UUSAP NA KATULAD NITO AY MAHALAGA PARA MAIWASAN ANG ANUMANG MAARING IDULOT NG MGA HINDI PAGKAKAUNAWAAN AT MALING AKALA.

JUETENG

SA KAUNA-UNAHANG PAGKAKATAON, SA LOOB NG ISANG BUONG TAON AY NAWALA ANG JUETENG DITO SA LALAWIGAN NG ISABELA, MAGMULA NOONG ABRIL NG 2005 HANGGANG ABRIL NG 2006. NAPAKAHABANG PANAHON IYON NA TINIIS NG ILANG MGA POLITIKO AT PULIS NA WALANG NATANGGAP NA PROTECTION MONEY MULA SA MGA JUETENG OPERATORS. NAKARATING AKO HANGGANG SA DAGUPAN, KAY ARCHBISHOP OSCAR CRUZ, AT SA MAYNILA KINA NOO'Y DILG SEC ANGELO REYES AT PNP CHIEF GEN. ARTURO LOMIBAO, KASAMA KO SINA BISHOP UTLEG, PARA HINGIN ANG KANILANG TULONG SA KAMPANYA KONG TILA NAG-IISA LABAN SA JUETENG.

DAHIL DITO AY NATAWAG ANG PANSIN NG NATIONAL MEDIA TUNGKOL DITO SA INYONG GOVERNOR NA WALANG KAGATOL-GATOL NA NAGSABING NAKIKINABANG ANG MGA MAYOR AT PULIS SA JUETENG. EWAN KO BA KUNG BAKIT BAGO SA KANILA IYON SAMANTALANG BROADCASTER PA LAMANG AKO NOON AY DATI NANG ALAM IYAN NG MGA TAGA-ISABELA. SABAGAY, SIGURO ANG BAGO SA KANILA AY ISANG GOBERNADOR NA MAGSASALITA MISMO AT LALABAN SA JUETENG – SAMANTALANG ANG IBA AY NAGSASAWALANG KIBO NA LAMANG, DAHIL MARAHIL SA MILYON-MILYONG PISONG NATATANGAP NILA MULA DITO.

ANG KAMPANYA KO LABAN SA JUETENG DITO SA ISABELA AY NAGING PAMBANSANG USAPIN HANGGANG IMBESTIGAHIN NA NAMAN ITO SA KONGRESO, SA SENADO. SA MADALING SALITA, UMINIT NA NAMAN ITO AT NAGDAWIT NA SA KUNG SINO-SINONG MATAAS NA PINUNO KUNG KAYAT WALA SILA MARAHIL MAGAGAWA KUNG HINDI PATIGILIN MUNA ITO. KUNG KAYAT NAWALA ANG JUETENG NG HALOS ISANG TAON, HINDI LAMANG DITO SA ISABELA, PATI NA RIN SA IBANG BAHAGI NG PILIPINAS.

PERO NOONG LUMAMIG NA NAMAN ANG SITWASYON, BUMALIK NA NAMAN ANG JUETENG. DITO SA ISABELA, NAKAKITA NG DAHILAN ANG ILANG TAO NA ALISIN ANG PROVINCIAL DIRECTOR NA NAKASAMA KO SA KAMPANYA LABAN SA JUETENG, SI COL. PERCIVAL BARBA. MAGMULA NOON AY KUNG SINO-SINONG OIC ANG IBINIGAY DITO SA ISABELA. ANG PANGAKO NILA SA AKIN NA SA LALONG MADALING PANAHON AY MAGKAKAROON NA AKO NG REGULAR PROVINCIAL DIRECTOR AY HINDI NANGYARI SA LOOB NG MAHIGIT KALAHATING TAON. NITO LAMANG PANGALAWANG LINGGO NG ENERO, DUMATING NA SA ISABELA ANG ISANG REGULAR PROVINCIAL DIRECTOR SA KATAUHAN NI COL. DOMINADOR AQUINO.

SAMANTALA, BUMALIK ANG JUETENG. TINANONG NIYO AKO APO ISABELINO KUNG BAKIT AT ANG SAGOT KO SA INYO, TANUNGIN NIYO SA MGA MAYOR NIYO. DAHIL AKO, BILANG GOBERNADOR AY AYAW SA JUETENG, SUBALIT KUNG NAG-IISA LANG

AKONG LUMALABAN, HINDI KO KAYA LALO NAT BUONG SISTEMA, BUONG PAMUNUAN ANG RAMDAM KO AY AKING BINABANGGA.

AKO RIN AY NAGTATANONG SA MGA MAYOR. MAY SUMAGOT SA AKIN SA ENGLISH

"I WANT TO BE HONEST WITH YOU MAAM. I AM NOT A HYPOCRITE TO DENY"

MAY SUMAGOT SA AKIN NG TAGALOG:

"OO, GOV, TINATANGGAP KO IYONG BINIBIGAY SA AKIN. HINDI NAMAN AKO SANTO"

MAYROON DING SUMAGOT SA AKIN NG ILOCANO:

"NARIGAT TI AGUL-ULBOD, MAAM. ADDA MAAW-AWAT KO."

MAYROONG MGA MAYOR NA SA PALAGAY KO NOONG WALA ANG JUETENG AY OKAY LANG SA KANILA, TULOY LANG ANG BUHAY. SUBALIT NOONG BUMALIK ANG JUETENG, NOONG MAY NAGBIBIGAY SA KANILA NG PERA, BALITA KO AY 4% DAW NG TAYA SA KANILANG BAYAN AY MAPUPUNTA SA KANILA, TAPOS IBIBIGAY NILA ANG 1% SA PULIS. HINDI NILA TINATANGGIHAN ITO. HINDI NILA HINIHINGI NGUNIT KUNG IBINIBIGAY SA KANILA AY HINDI SILA TUMATANGGI. NAKAKATULONG DAW ITO PARA MAKATULONG SILA SA MGA TAONG LUMALAPIT SA KANILA NA MAYROONG IBAT IBANG PANGANGAILANGAN. MAYROON NAMANG IBA, NA HINDI YATA MAGKANDATUTO KUNG WALANG JUETENG KAYAT GINAGAWA NILA ANG LAHAT NG PARAAN PARA PATULOY ITONG MAG-OPERATE SA ISABELA. LAHAT NG PARAAN, PATI NA ANG MISMONG AKO PA O ANG AKING KAPATID ANG PARATANGAN NILANG SIYANG TUMATANGGAP NG PERA MULA SA JUETENG. IPINARATING PA NILA ITO KAY DILG SEC RENATO PUNO, AT HINDI AKO TUMIGIL HANGGAT HINDI KO NAKAKAUSAP SI SEC PUNO PARA TANUNGIN SA KANIYA KUNG AKO BA ANG TINUTUKOY NIYANG GOBERNADOR NA SALITA NANG SALITA LABAN SA JUETENG SAMANTALANG ANG KAPATID KO RAW ANG TUMATANGGAP DITO. ANG SAGOT SA AKIN NI SEC. PUNO AY HINDI. TINANONG KO RIN SI PNP CHIEF GENERAL OSCAR CALDERON. ANO NA ANG NANGYARI SA SINABI NIYA NA SA SEPT 30, PATITIGILIN NA ANG JUETENG SA BANSA. NATIGIL NANG ILANG ARAW PERO BUMALIK NA NAMAN. ANG SAGOT NIYA SA AKIN, MAY MGA POLITIKO KASI SA PROBINSYA MO GOVERNOR NA INVOLVED. SA MADALING SALITA, MUKHANG MAS MATAAS PA KAYSA SA BATAS ANG TINGIN NILA SA MGA CONGRESSMAN.

APO ISABELINO, KUNG SILA MAN AY MGA PINUNONG POLITIKO O MGA PINUNONG PULIS, HINDI LAMANG DITO SA ISABELA KUNG HINDI HANGGANG SA KATAAS-TAASAN SA MAYNILA, MAKATARUNGAN BA NA IASA NIYO SA AKIN NA AKO LAMANG ANG MAKAKAPAGPATIGIL NG JUETENG. SA LAHAT NG AKING MGA KAILANGANG GAWIN PARA SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA, GUSTO NIYO BANG

DOON KO NA LAMANG IBUHOS ANG LAHAT NG AKING LAKAS AT BUONG PANAHON - LABANAN ANG ISANG BAGAY NA AKO LANG ANG LUMALABAN, SAMANTALANG LAHAT IPINAGTATANGGOL ITO?

ITO ANG MASASABI KO SA INYO – MAGMULA NOONG UNA AKONG MAGSALITA SA INYONG HARAPAN BILANG GOBERNADOR AT HANGGANG SA ARAW NA ITO – WALA PA RING NAGBABAGO SA AKIN. NILALABANAN KO PA RIN ANG HUETENG. NI MINSAN AY HINDI AKO NASILAW SA PERANG DISIN SANA AY KA-PARTE KO DAW BILANG GOBERNADOR. SA USAPING ITO, WALA PA RING NABAGO SA AKIN. KUNG MAYROON MAN, LALO LANG AKONG NAGING MATAPANG, LALO LANG DUMAMI ANG MGA PANGANIB SA AKING BUHAY. PERO SANA APO ISABELINO, HUWAG NIYO LANG AKONG PANOORIN AT NAGHIHINTAY NA AKO AY KUTYAIN NG MGA NAGMAMAYABANG NA KAYANG KAYA NILANG PAGHARIIN ANG JUETENG SA ISABELA KAHIT HINDI SILA ANG GOBERNADOR.

KUNG AKO MAN AY NAGING GOBERNADOR NG ISABELA, IYAN AY HINDI LAMANG DAHIL SA AKIN , KUNGDI DAHIL SA LAHAT NG SUMUPORTA SA AKIN. KUNG NAIS NIYO AKONG MAGTAGUMPAY PARA MALIBAN KO ANG KABUTHIHAN NATING LAHAT, KAILANGAN KO PA RIN ANG SUPORTA NINYO. KAKAUNTI ANG KAKAMPI KONG POLITIKO. NOONG ISANG ARAW LANG, MAY NAGSABI SA AKIN. GRACE PADACA IS GOOD FOR THE PROVINCE BUT NOT GOOD FOR POLITICIANS. I TAKE THAT AS A COMPLIMENT.

SINO BA NAMAN KASI ANG MAY GUSTO SA GOBERNADOR NA AYAW SA JUETENG. SANA KAYONG MGA MAMAMAYAN NA LANG, KAYONG MGA APO ISABELINO NA LANG ANG KAKAMPI KO. KUNG TOTOONG BINABATIKOS NIYO ANG PAGBABALIK NG JUETENG SA ISABELA, TULUNGAN NIYO AKONG LABANAN ITO. HUWAG KAYONG TUMAYA PARA MALUGI SILA. GANITO MUNA ANG ATING GAWIN HABANG WALA PA TAYONG MGA PINUNO SA PULISYA AT PAMBANSANG PAMAHALAAN NA HANDANG TANGGIHAN ANG JUETENG LALO NA AT HALALAN NA NAMAN.

HINDI PO TOTOONG WALA TAYONG NAGAGAWA LABAN SA JUETENG. SIGURADO AKO, MAS MALAKI ANG KITA NILA NOONG IBA PA ANG GOBERNADOR NG ISABELA AT HINDI SI GRACE PADACA. ALAM KO TINIK AKO SA KANILANG LALAMUNAN AT DAHIL DITO NADARAGDAGAN LALO ANG MGA PANGANIB SA AKING BUHAY. GAGAWIN NILA ANG LAHAT, GAGAMITIN ANG PERANG NAKUKUBRA NILA MULA SA INYONG MGA NAGTATAYA PARA MAGKAROON MULI NG GOBERNADOR SA ISABELA NA HINDI KONTRABIDA SA JUETENG. AT KAPAG SILA AY NAHALAL, BABAWI SILA SA LAHAT NG KANILANG MGA NAGASTOS - WALA NANG MAPUPUNTANG PROYEKTO SA MGA BARANGAY, BAKA UUTANG NA NAMAN SA BANGKO.

IPAGPAUMANHIN NIYO ANG PANAHONG AKING GINUGOL SA USPIN NG JUETENG. MAHALAGA LAMANG KASING, ONCE AND FOR ALL, AY MAUNAWAAN NIYO ANG MGA TUNAY NA PANGYAYARI SA LIKOD NITO UPANG SANA AY TULUNGAN NIYO AKO, UPANG SANA AY MAUNAWAAN NIYO ANG AKING MGA PINAGDADAANAN. HINDI PO MAKATARUNGAN NA HUSGAHAN NIYO ANG AKING PAGIGING GOBERNADOR BATAY SA ISANG BAGAY NA SIGURO PRESIDENTE NA LAMANG NG PILIPINAS ANG MAKAPAGPAPATIGIL.

KUNG KAYAT, GAYA NG SINABI KO. NAPAKARAMING DAPAT GAWIN. THERE ARE SO MANY BATTLES TO WAGE AND I HAVE TO CHOOSE MY BATTLES. AND I CHOOSE ALWAYS TO FOCUS ON WHAT WILL BENEFIT THE MOST NEEDY OF ISABELINOS.

SA MGA DARATING NA ARAW, APO ISABELINO, MAKIKITA NIYO ANG MGA IBA'T IBANG PROYEKTO NA MAITATAYO SA INYONG MGA BAYAN AT BARANGAY. NGUNIT HINDI KAMI UMUTANG PARA SA MGA ITO. MAYROON TAYONG SAPAT NA PONDO BUNGA NG AMING MAINGAT NA PAMAMAHALA SA ATING MGA LAANG SALAPI. ANG MGA PROYEKTONG ITO AY BUKOD PA SA DAA-DAANG AKING INAAPROBAHANG RESOLUSYON NG MGA BARANGAY TUWING MIYERKULES SA ATING UGNAYANG BAYAN.
ANG MGA MALAKING PROYEKTONG ITO AY BUNGA NG ATIN RING MGA NAGING PAG-UUSAP, KONSULTASYON AT DESISYON BATAY SA MGA INIABOT NINYO SA AKING MGA PANGANGAILANGAN, LALO NA ANG MGA PINAKANANGANGAILANGAN.

BUWAN PA NG HULYO NANG UMPISAHAN NAMIN ANG PAGHAHANDA NG TALAAN NG MGA PROYEKTONG ITO AT NOONG BUWAN NG NOBYEMBRE AY GINAWA NA ANG BIDDING PARA SA CONSTRUCTION MATERIALS NG ATING MGA PROYEKTO BY ADMINISTRATION. ITO AY NAGKAKAHALGA NG P18.75M.

NA-ISSUE NA ANG NOTICE OF AWARD SA NANALONG BIDDER ANG ALLEN, AT NAKATAKDA KO NANG PIRMAHAN ANG MGA PURCHASE ORDERS PARA MAUMPISAHAN NA ANG BAWAT PROYEKTO. KAYA'T SANA AY MAUNAWAAN NG ATING MGA MAYOR NA MADALING NAKAHIRAM NG ATING MGA PROVINCIAL EQUIPMENT NITONG MGA NAGDAANG NAGDAANG MGA BUWAN NA SA PAGKAKATAONG ITO AY KAMI NAMAN SA PROVINCIAL GOVERNMENT ANG GAGAMIT NG HUSTO SA ATING MGA DUMP TRUCKS, MGA GRADERS, MGA CEMENT MIXERS PARA MADALING MATAPOS ANG MARAMING PROYEKTO NA NAKALINYA NAMING GAWIN SA MGA DARATING NA ARAW.

PROJECTS BY ADMINISTRATION **P 18.75M**

ROADS

- JCT. NAT'L. –NAGUILIAN PROVINCIAL ROAD, NAGUILIAN, ISABELA (781.80 M, 1-LANE)
- MINANGA –SAN LUIS PROVINCIAL ROAD, NAGUILIAN, ISABELA
- QUIRINO-BURGOS PROVINCIAL ROAD, QUIRINO, ISABELA
- JCT. NATL. BUENAVISTA PROVINCIAL ROAD, GAMU, ISABELA
- STO DOMINGO-SANTIAGO PROVINCIAL ROAD, QUIRINO, ISABELA
- JCT. NATL. CURVA-SANTOS PROVINCIAL ROAD, R. MERCEDES
- RAMON-SAN ISIDRO PROVINCIAL ROAD, RAMON, ISABELA

BRIDGES

- RAMONA BRIDGE, ANGADANAN, ISABELA
- MALUNO CONCRETE OVERFLOW BRIDGE, BENITO SOLIVEN, ISABELA

SCHOOLS

- MABANTAD SOUTH ELEMENTARY SCHOOL, CAUAYAN CITY
- ISU, JONES CAMPUS, JONES, ISABELA
- ISABELA SCHOOL FOR THE DEAF AND MUTE, ILAGAN, ISABELA.
- SAN PABLO VOCATIONAL & INDUSTRIAL HIGH SCHOOL, SAN PABLO, ISABELA
- SAN LUIS ELEMENTARY SCHOOL, CAUAYAN CITY.
- SAN MARIANO NATIONAL HIGH SCHOOL, UEG ANNEX, SAN MARIANO, ISABELA

HINDI LAMANG IYAN, MGA APO ISABELINO, MAS MARAMI PA. SA DARATING NA FEBRUARY 16 AY BIDDING NAMAN NG MGA PROJECTS BY CONTRACT. NAKA-DYARYO ITO NOONG LINGGO SA PHIL. DAILY INQUIRER.

ANG PERA PARA SA ATING MGA PROJECTS BY CONTRACT AY P42M

PROJECTS BY CONTRACT **P 42M**

ROADS

- TANDUL-DIAMANTINA ROAD, CABATUAN, ISABELA
- PADDAD-RIZAL PROVINCIAL ROAD, ALICIA, ISABELA
- JUNCTION NATIONAL-MINANGA-SAN LUIS PROVINCIAL ROAD, NAGUILIAN, ISABELA
- SAN PABLO CHURCH-CEMETERY ROAD, SAN PABLO, ISABELA
- PILAR PROVINCIAL ROAD, ILAGAN, ISABELA
- LABINAB-STA. LUCIANA PROVINCIAL ROAD, CAUAYAN CITY

BRIDGES

- DIETBAN BRIDGE, ANGADANAN, ISABELA
- BANNAGAO BRDIGE, AURORA, ISABELA
- MALASIN BRIDGE, AURORA, ISABELA

SCHOOLS

- CAB. 4 ELEMENTARY SCHOOL, ILAGAN, ISABELA
- MALLIG NATIONAL HIGH SCHOOL, MALLIG, ISABELA
- DUROC ELEMENTARY SCHOOL, ANGADANAN, ISABELA
- BONIFACIO ELEMENTARY SCHOOL, ALICIA
- GAYONG-GAYONG ELEMENTARY SCHOOL, ILAGAN, ISABELA
- REINA MERCEDES ELEMENTARY SCHOOL, MACONACON, ISABELA
- QUEZON NATIONAL HIGH SCHOOL, BARUCBOC ANNEX, QUEZON, ISABELA
- VILLA SARUCAD TRIBAL PRIMARY SCHOOL, SAN VICENTE, JONES, ISABELA
- STA. CRUZ ELEMENTARY SCHOOL, ALICIA, ISABELA
- MABBAYAD ELEMENTARY SCHOOL, ECHAGUE, ISABELA
- STA. CRUZ ELEMENTARY SCHOOL, ECHAGUE, ISABELA
- CANIGUIN ELEMENTARY SCHOOL, ECAHGUE, ISABELA

OTHERS

- CONSTRUCTION OF RAMP FOR PROVINCIAL CAPITOL BUILDING, ILAGAN, ISABELA.
- REPAIR OF ISABELA MUSEUM & LIBRARY, ILAGAN, ISABELA
- OTHER PUBLIC STRUCTURES

SA HARAP NITONG LAHAT NG AMING MGA SINISIKAP GAWIN, ALAM KO NA MAYROON PA RING MGA TAO O MGA GRUPO NA HAHANAP AT HAHANAP NG AKING MGA PAGKUKULANG, NG AKING MGA PAGKAKAMALI. SA KANILA, ANG AKING MENSAHE AY ITO.

NO ONE COULD HAVE EXPECTED ME TO HIT THE GROUND RUNNING, WHAT WITH THE EXTRAORDINARY CIRCUMSTANCES SURROUNDING MY BECOMING THE FIRST GOVERNOR OF OUR PROVINCE AFTER ALMOST 40 YEARS OF ONE AND THE SAME STRUCTURE. KAHIT SIGURO IBA ANG SUMUNOD NA GOVERNOR SA KANILA, MARAMI RIN SIYANG DAPAT AYUSIN . NOONG UNANG MGA ARAW KO BILANG GOBERNADOR, AKO AY HANDANG MAKINIG SA MGA TAONG ALAM KONG MAS MATAGAL NA NASA LARANGAN NG PAMAMAHALA. *I WAS WILLING AND READY TO LISTEN TO LEARN FROM PEOPLE, BUT I WAS NOT READY TO COMPROMISE MY PRINCIPLES*. MARAMI ANG NAGSASABI NOON NA POLITIKO NA AKO AT DAPAT AY BAGUHIN KO NA ANG AKING ISTILO. SA MARAMING PAGKAKATAON KUNG KAILAN KO NAKITA NA KAILANGAN KONG MAG-ADJUST, GINAWA KO. SUBALIT HINDI AKO PUMAYAG AT KAILANMAN AY HINDI AKO PAPAYAG NA ANG AKING PAGKATAO AY BAGUHIN SA NGALAN LAMANG NG MGA TAONG GUSTO KONG MATUWA SA AKIN. ANG TANGING MAHALAGA SA AKIN AY KUNG PAANONG ANG MAS MARAMING APO ISABELINO ANG MAKARAMDAM NG AKING SERBISYO NANG HINDI AKO KAILANGANG GUMAWA NG BAGAY NA LABAG SA AKING KONSENSYA.

IT TOOK ME A LONG TIME BEFORE I COULD SAY THAT I CAN WORK WELL WITH SOME PEOPLE. SUBALIT NOONG DUMATING NA MULI ANG PANAHON NA MALAPIT NA ANG HALALAN, MULING NAGKAROON NG MGA PAGKAKATAON KUNG KAILAN NAPAALALA SA AKIN KUNG PAANONG ANG KATAPATAN O *LOYALTY* NG IBANG TAO AY HINDI SA KANILANG TRABAHO, HINDI SA KANILANG PAGLILINGKOD SA MGA APO ISABELINO, KUNG HINDI SA MGA TAONG MATAGAL NILANG NAGING AMO.

THINGS WOULD HAVE BEEN EASIER IF SOME PEOPLE JUST GAVE A LITTLE RESPECT – FOR THEIR KIND OF WORK, AND MORE SO, RESPECT FOR THEIR OWN SELVES - NANG HINDI KAUNTING TAWAG, ISANG TAWAG LAMANG SILA AY SUNOD-SUNURAN NA; NANG HINDI NA NILA ISINAALANG-ALANG KUNG ITO BA ANG TAMANG GAWIN.

GANOON PA MAN, SA GITNA NG LAHAT NG MGA KALAGAYANG ITO, SA GITNA NG LAHAT NG MGA TAONG HINDI LUBOS ANG NAGING PAGTANGGAP SA AKIN, NAGPAPASALAMAT PA RIN AKO SA MAS MARAMING TAO, SA MAS MARAMING APO ISABELINO NA NAKITA ANG KALINISAN NG AKING HANGARIN PARA SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA.

ANG MGA KABALIKAT KO NA MGA DEPARTMENT HEADS SA KAPITOLYO, ANG AKING MGA EXECUTIVE ASSISTANTS, ANG MGA KAWANI NG KAPITOLYO AT KAYONG MGA APO ISABELINO, ANG MGA TAHIMIK LAMANG NA NAGHAHANGAD NG KABUTIHAN PARA SA ATING LALAWIGAN. HINDI KO MAN KAYO MAISA-ISANG MAKAUSAP LAHAT ,

NAIS KONG ISIPIN NA NAKAKARATING SA INYO SA IBA'T IBANG PARAAN ANG MGA BAGAY NA AMING SINISIKAP GAWIN UPANG MAPABUTI ANG ATING PAMAYANAN.

SANA AY DAGDAGAN NATIN ANG PAGMAMASID, PAG-IBAYUHIN NATIN ANG PAG-IINGAT LALO NA SA MGA MALING USAP-USAP NA MAS MADALI AT MAS MABILIS NA KUMALAT KAYSA SA KATOTOHANAN.

ELECTIONS

ANG DARATING NA HALALAN AY MAGIGING PAGSUBOK. HINDI LAMANG PAGSUBOK SA AKIN , KUNDI ITO AY MAS PAGSUBOK SA MGA MAMAMAYANG APO ISABELINO. KUNG TOTOO BA NA TAYO AY MAS NAGMAMALASAKIT NA SA ATING MGA SARILI AT SA ATING KINABUKASAN - SA PAMAMAGITAN NG MAINGAT NA PAGPAPASYA SA KUNG SINO ANG ATING MGA MAGIGING PINUNO.

KATULAD NG NAGANAP NOONG 2004, MAPAPATUNAYAN BA NATIN SA LAHAT NG MGA NAGMAMASID SA ATIN, SA LAHAT NG MGA NAMANGHA SA ATING SAMA-SAMANG NAGAWA NOONG 2004 – NA PWEDE NATING ISANTABI ANG KAUNTING PERA KAPALIT NG ATING SAGRADONG BOTO. PWEDE NA NATING ISANTABI ANG MGA PANANAKOT NG MGA TAO, IILAN LAMANG NA MGA TAO PERO GUSTO NILANG SAKUPIN NILA TAYONG LAHAT.

AKO, KASAMA SI CONGRESSMAN EDWIN UY, NA SIYANG SUMUONG SA HAMON NA BAGUHIN ANG ISABELA AY PATULOY NA MAGKAKAISA PARA PATULOY NA MAIPAGTANGGOL ANG KALAYAANG ATING NAKAMTAN.

LAGI AKONG TINATANONG, SAAN KO HINUHUGOT ANG AKING TAPANG. AT ANG LAGI KONG SAGOT – DAHIL ALAM KO NA ANG AKING GINAGAWA AY TAMA, NA ANG MGA TAONG GUMAGAWA NG TAMA, SILA ANG DAPAT MATAPANG; AT ANG MGA TAONG GUMAGAWA NG KALOKOHAN, GUMAGAWA NG MALI, GUMAGAWA NG KRIMEN, SILA ANG DAPAT MAHIYA, SILA ANG DAPAT MATAKOT.

KAYA'T LAHAT NG MGA ISABELINO NA GUMAGAWA NG TAMA AY DAPAT HUWAG MAGPATALO SA MGA TAONG NAGTATAPANG-TAPANGAN, PARA LAMANG PAGTAKPAN ANG LAHAT NG KABULUKAN NA KANILANG GINAGAWA.

MARAHIL SA LAHAT NG MGA NAPAGDAANAN KO AT NASAKSIHAN KO SA NAKALIPAS NA DALAWA AT KALAHATING TAON, HINDI NA KALABISAN NA SABIHING

ANG BUONG BANSA AY NAGMAMASID SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA, MAGING ANG MARAMING BAHAGI NG MUNDO NA NAKAALAM SA ATING MGA NAGAWA.

SANA MAHAL KONG MGA APO ISABELINO, MAPATUNAYAN NATING NA TAYO AY TUNAY NA ANGAT SA IBA. MAPATUNAYAN NATIN NA KARAPAT-DAPAT TAYO SA LABIS NA PAGHANGA AT PAGKAMANGHA NILA SA MGA MAMAMAYANG APO ISABELINO.

KAILANMAN AY HINDI KO INANGKIN ANG KARANGALAN DAHIL ALAM KO NA NAG-IISA AY WALA SANA AKONG NAGAWA. ANUMANG TAGUMPAY NA ATING NARANASAN AT PATULOY NA NAKIKITA SA ATING SAMA-SAMANG PAGSULONG PARA SA ISABELA AY SAMA-SAMANG GAWA NG MARAMING TAO; SAMA-SAMANG PANALANGIN NG IBA'T IBANG ISABELINO; SAMA-SAMANG PAG-ASA PARA SA MAS MABUTING KINABUKASAN; SAMA-SAMANG PAGHANGAD SA KUNG ANO ANG TAMA.

ANG ISTORYA NG ISABELA AY NAKARATING NA SA IBA'T IBANG BAHAGI NG MUNDO AT NAISULAT NA RIN SA BUONG PILIPINAS, MAGING SA MGA AKLAT NA KATATAPOS LAMANG ILIMBAG O SA MGA SUSUNOD NA ARAW PA LAMANG BUBUOIN. AT SA BAWAT PAHINA NG MGA LIBRONG IYON NA GINAGAWA PARA SA ATING LALAWIGAN NG ISABELA AY NANDOON ANG IYONG MALAKING PAPEL – APO ISABELINO.

KAYA'T MALINAW NA SA AKING PAG-UULAT SA INYO SA ARAW NA ITO, MALAKI ANG INYONG PAPEL DAHIL KAYO ANG DAHILAN NG LAHAT NG MGA NAGAWANG ITO.

PANINDIGAN MO ANG IYONG KAGITINGAN. MABUHAY KA, NAIMBAG NGA ALDAW APO ISABELINO!